Ikadalawampu't-Tatlong Salita
mula sa likumang Risale-I Nur

Ang Liwanag ng Pananampalataya

Mula sa panulat
ni

Bediuzzaman Said Nursi

ISBN: 971-93156-1-X

Translated From The English
By Salem Guimba

Copyright© 2004 by Eternity Publications.

All rights reserved. This book may not be reproduced by any means in whole or in part without permission.

Published and exclusively distributed:
Eternity Publications,INC.

For information :

Tel: (0927) 411-0431
E-mail:
eternitypublications@yahoo.com

Visit our Web site at:
www.sozler.com.tr
www.sozler.org

PRINTED AT: Vibal Publication , Philippines

Mga Nilalaman

Ang Liwanag ng Pananampalataya 22

Limang Kahalagahan ng Pananampalataya
Ang Susi Hinggil sa Kaligayahan at Pighati ng Tao 42
Ang Pangangalaga ng Buhay

Ang Kalikasan ng Buhay at Kamatayan 45

Walang-hangganang Ginhawa sa Landas ng Patnubay at Kaisahan 50

Sino si Bediuzzaman Said Nursi
At ano ang Risale-i Nur

Sino si
Bediuzzaman Said Nursi
at Ano ang
Risale-i Nur

Si Bediuzzaman Said Nursi ay isinilang sa silanganing Turko noong 1873 at namatay noong 1960 sa edad na 87 makaraan ang isang huwarang buhay ng pagpupunyagi at pagpapakasakit sa sarili para sa simulain ng Islam. Isa siyang pantas sa pinakamataas na antas na napag-aralan hindi lamang ang lahat ng tradisyunal na mga siyensiyang pangrelihiyon kundi'y maging ang makabagong siyensiya at nakamit ang pangalang Bediuzzaman, Kamangha-mangha ng Panahon, sa kanyang kabataan bilang isang bunga ng tanyag niyang kakayanan at karunungan.

Ang panahon ni Bediuzzaman ay bumagtas sa mga pangwakas na dekada ng Pamahalaang Kalipa at Imperyong Ottoman, ang pagkaguho nito at pagkakahati-hati makaraan ang Unang Digmaang Pandaigdig; at, makaraan ang pagkakatatag nito noong 1923, ang unang tatlumpu't pitong taon ng Republika, na kung kailan ang mga taon hanggang 1956 ay tanyag dahil sa kontra-Islamiko at kontra-pangrelihiyong patakaran ng Gobyerno.

Hanggang sa mga taong sumunod sa Unang Digmaang Pandaigdig, ang pagpupunyagi ni Bediuzzaman para sa simulain ng Islam ay naging masigasig sa kalipunan ng publiko. Hindi lamang niya naturuan ang maraming mag-aaral at nakipagsagupa sa debate at talakayan sa mga pangunahing pantas mula sa lahat ng panig ng mundong Islamiko, kundi'y minanduan din niya at personal na pinamunuan ang isang boluntaryong pangkat laban sa mapanlusob na mga Ruso sa kanluraning Turko noong 1914 nang halos dalawang taon hanggang sa mabihag. Bukod pa riyan, hanggang sa panahong iyan ay sinipat niyang itaguyod pang lalo ang kapakanan ng Islam sa pamamagitan ng masigasig na pakikisalamuha sa buhay publiko. Gayon pa man, ang mga taon na nakasaksi sa pagbabago mula sa imperyo patungong republika ay nakasaksi rin sa pagbabago mula

sa “Lumang Said” patungong “Bagong Said.” Ang “Bagong Said” ay nakilala sa pagtalikod sa buhay publiko at buhos sa pag-aaral, pagdarasal at pag-iisip sapagkat ang kailangan noon ay isang naiibang pagpupunyagi.

Pagkaraan ng mga dalawang taon, noong 1925, si Bediuzzaman ay itinapon sa kanluraning Anatolia at ang sumunod na dalawampu’t limang taon, at ng mas magaang saklaw ng huling sampung taon ng kanyang buhay, wala siyang pinagdusahan kundi ang pagkakatapon, pagkakabilanggo, panliligalig at pagmamalupit ng mga autoridad. Ngunit itong mga taon ng pagkakatapon at pagkakabukod ay nakasaksi sa pagkatha sa Risale-i Nur, ang Paglalahad ng Liwanag, at sa pagpapalaganap nito sa buong Turko. Upang banggitin ang sinabi mismo ni Bediuzzaman, “Ngayon ay buong linaw ko nang nakita na ang malaking kabuuan ng aking buhay ay ginabayan sa ganyang landas, labas sa sarili kong malayang kalooban, kakayanan, pang-unawa at pag-iintindi sa kinabukasan, na maaring maidulot nito ang mga paglalahad na ito upang mapaglingkuran ang simulain ng Qur’an. Tila baga ang buong buhay ko bilang isang pantas ay iginugol sa mga pasimula ng mga panulat na ito, na nagpapatunay sa kahima-himala ng Qur’an.”

Naunawaan ni Bediuzzaman ang isang pangunahing sanhi ng paghina ng mundong Islamiko na ang panghihina sa mismong mga saligan ng pananampalataya. Ang panghihina na ito, kasama ng walang-katulad na mga salakay sa mga saligang yaon noong ika-19 at ika-20 siglo na isinagawa ng mga materyalista, ateista at ng iba pa sa ngalan ng siyensiya at kaunlaran, ay nagbigay-daan sa kanya upang maunawaan na ang apurahan at mapanaig na pangangailangan ay ang mapalakas, at maging ang iligtas, ang pananampalataya. Ang kailangan ay gugulin ang lahat ng pagsusumikap upang maibangon muli ang gusali ng Islam mula sa mga saligan nito, pananampalataya, at ang tumugon mula sa antas na ito sa mga salakay na yaon nang may ‘manevi jihad’ o ‘jihad ng salita.’

Dahil doon, sa kanyang pagkakatapon ay sumulat si Bediuzzaman ng isang kabuuang akda, ang Risale-i Nur, na liliwanag at lilinaw sa mga batayang doktrina ng pananampalataya, sa mga katotohanan ng Qur’an, para sa makabagong tao. Ang kanyang pamamaraan ay kapuwa pagsusuri sa pananampalataya at di-pananampalataya at ang magpatotoo sa pamamagitan ng malinaw nang naipaliwanag na mga katwiran na hindi lamang sa maaari, sa pamamagitan ng pagsunod sa pamamaraan ng Qur’an, na makatwirang mapatunayan ang lahat ng katotohanan sa pananampalataya, tulad ng eksistensiya ng Diyos at kaisahan, ng pagkapropeta, at muling-pagkabuhay

ng katawan, kundi'y ganun din na ang mga katotohanang ito ang tanging makatwirang pagpapaliwanag ng eksitensiya, tao at ng santinakpan.

Dahil doon ay pinatotohanan ni Bediuzzaman sa anyo ng madaling maunawaang mga kuwento, mga paghahambing, mga pagpapaliwanag, at naikatwiran nang mga katibayan na, sa halip na ang mga katotohanan ng relihiyon ay maging salungat sa mga natuklasan ng makabagong siyensiya, ang mga pakahulugang materyalista sa mga natuklasang yaon ay di-makatwiran at baligho. Sa katotohanan ay pinatunayan ni Bediuzzaman sa Risale-i Nur na ang mga makapigil-hininga na tuklas ng siyensiya tungkol sa galaw ng santinakpan ay nagpapatunay at nagpapatibay sa mga katotohanan ng relihiyon.

Ang kahalagahan ng Risale-i Nur ay hindi kalalabisan ng kalkula, dahil sa pamamagitan nito ay ginampanan ni Bediuzzaman Said Nursi ang isang lalong mahalagang tungkulin sa pangangalaga at pagbibigay buhay-muli sa pananampalatayang Islamiko sa Turko, noong pinakamadilim na panahon ng kasaysayan nito. At sa katotohanan ang ginagampanan nito ay nagpatuloy sa pagiging mahalaga hanggang sa kasalukuyan. Ngunit dagdag pa rito, ang Risale-i Nur ay bukod-tanging angkop na iakma hindi lamang sa lahat ng Muslim kundi sa katotohanan ay sa lahat ng sangkatauhan sa maraming kadahilanan. Unang-una, ito ay naisulat nang angkop sa kaisipan ng makabagong tao, isang kaisipan na, ma-Muslim man o hindi, buong lala nang binusog ng pilosopiyang materyalista: tinutugunan nito nang tiyakan ang lahat ng mga katanungan, mga pagdududa at mga kalituhan na idinudulot niyon. Tinutugunan din nito ang lahat ng 'bakit' na kapansin-pansin sa mapag-usisang isip ng makabagong tao.

Dagdag pa, ipinapaliwanag nito ang pinakamalalalim na paksa ng pananampalataya, na dati-rati ay mga maunlad na pantas lamang ang nag-aaral nang detalyado, sa gayong paraan na ang bawat isa, maging ang mga yaong baguhan sa paksa, ay maaring may maintindihan at mapakinabangan nang walang idudulot nito na anumang hirap o pinsala.

Ang isa pang dagdag na dahilan ay ganito, sa pagpapaliwanag sa tunay na kalikasan at layunin ng tao at ng santinakpan ay nililinaw ng Risale-i Nur na ang tunay na kaligayahan ay matatagpuan lamang sa pananampalataya at pagkakakilala sa Diyos, kapuwa sa mundong ito at sa kabilang-buhay. At binibigyan din nito ng diin ang matinding hapdi at kawalang-ligaya na naidudulot sa kaluluwa at budhi ng tao ng di-

pananampalataya, na kadalasan nang tangkang pawiin ng walang-patnubay sa pamamagitan ng kawalang-ingat at eskapismo, upang ang sinumang may alinmang katinuan ay maaaring magpakanlong sa pananampalataya.

UPANG WAKASAN: Ang Banal na Qur'an ay nakatuon sa pag-iisip, ganun din sa iba pang pangkaloobang kakayahang-sangkap ng tao. Ginagabayan nito ang tao para pag-isipan ang santinakpan at ng galaw nito upang mapag-alaman ang tunay na kalikasan nito at mga layunin bilang nilikha at nang sa gayon ay mapag-alaman ang mga katangian ng Nag-iisang Manlilikha nito at ang sarili niyang mga tungkulin bilang isang nilalang. Ito, samakatwid, ang pamamaraan na ginamit ni Bediuzzaman sa Risale-i Nur. Ipinaliwanag niya ang tunay na kalikasan ng santinakpan bilang mga tanda ng Manlilikha nito at pinatotohanan sa pamamagitan ng malinaw na mga katwiran na kung ito ay pag-aaralan nang paganyan, ang lahat ng saligan ng pananampalataya ay maaaring buong makatwirang mapatutunayan.

Kapag ang pamamaraang ito ay sinunod, makakamit ng isang tao ang isang tunay na pananampalataya na magiging mahusay at matibay nang sapat upang tumatag sa anumang mga alinlangan na maaaring lumitaw sa harapan ng tusong mga salakay ng materyalismo, naturalismo at ateismo, o ng materyalistang pagkakaunawa sa mga pagsulong ng siyensiya. Sapagkat ang lahat ng siyentipiko at teknolohikong pagsulong ay pawang paghahayag lamang sa mga galaw ng santinakpan. Kapag ang santinakpan ay nakita bilang isang napakalawak at lubusang walang-hanggang sali-salimuot at makahulugang pinag-isang aklat na naglalarawan sa Nag-iisang May-akda nito, sa halip na pagmulan ng alinlangan at kalituhan, ang lahat ng mga tuklas at pagsulong na ito ay nagpapatibay sa pananampalataya; pinalalalim at pinalalawak nila ito.

Ang pinakapangunahing pangangailangan ng tao ay ang pangangailangan sa relihiyon, ang pangangailangan na kilalanin at sambahin ang Makapangyarihang Diyos sampu ng lahat ng Pinakamagaganda Niyang mga Pangalan at mga katangian, at ang sumunod sa Kanyang mga batas; yaong mga malinaw sa santinakpan at yaong mga ipinahayag sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta. Sa pagpapaliwanag sa mensahe ng Qur'an, na pangwakas na ipinahayag na Aklat ng Makapangyarihang Diyos, na dinala at lubusang nilinaw ng Kanyang kahuli-hulihang Propeta, na si Muhammad *(sumakanya nawa ang mga pagpapala at kapayapaan ng Diyos)*, at ng Islam, ang kumpleto at nilubos na relihiyon para sa sangkatauhan, pinatotohanan ni Bediuzzaman Said Nursi sa Risale-i Nur na walang

salungatan o pagkakabukud-bukod sa pagitan ng siyensiya at relihiyon; bagkus, ang tunay na kaunlaran at kaligayahan para sa sangkatauhan ay makakamit, at maaari na, makakamit lamang sa ganitong paraan, sa paraan ng Qur’an.

Ang Liwanag ng Pananampalataya

Ang Ikadalawampu't-Tatlong Salita mula sa Likumang Risale-i Nur

(Ang Salitang ito ay naglalaman ng dalawang Kabanata)

Sa Ngalan ng Diyos, ang Mahabagin, ang Maawain.

Katotohanan, nilikha Namin ang tao sa pinakamahusay sa mga huwaran, Pagkatapos ay ibinaba siya sa kababa-babaan ng mababa,* Maliban sa mga yaong nananampalataya at gumagawa ng mga mabubuting gawa.*[1]

[1] **Qur'an, 95:4-6**

Unang Kabanata

Ipaliliwanag natin sa Limang Punto lamang ang lima sa libong kahalagahan ng pananampalataya.

UNANG PUNTO

Sa pamamagitan ng liwanag ng pananampalataya, ang tao ay pumapailanglang sa kataas-taasan ng mataas at nagkakamit ng isang kahalagahan na karapat-dapat sa Paraiso. At sa pamamagitan ng kadiliman ng di-pananampalataya, siya ay lumulusong sa kababa-babaan ng mababa at nahuhulog sa isang kalagayan na nababagay sa Impyerno. Dahil iniuugnay ng pananampalataya ang tao sa Lubos na Maluwalhating Manlilikha; ito ay isang ugnayan. Dahil doon, ang tao ay nagkakamit ng kahalagahan na sanhi ng Dibinong sining at mga inskripsiyon ng mga Banal na Pangalan na nagiging malinaw sa kanya sa pamamagitan ng pananampalataya. Sinisira ng di-pananampalataya ang ugnayan, at sanhi ng pagkakasira na iyan ang Banal na sining ay natatakpan. Ang kanyang kahalagahan ay nakasalalay lamang sa kanyang katauhang pangkatawan. At sa dahilan na ang bagay na ito ay nagtataglay lamang ng panandalian, dumaraan, pansamantalang buhay hayop, ang halaga nito ay talagang walang-saysay. Ipaliliwanag natin ang hiwagang ito sa paraan ng isang paghahambing:

Halimbawa: Kabilang sa mga sining ng tao, ang halaga ng mga materyal na ginamit at ng yaong sining ay ganap na magkaiba. Kung minsan ay magkasing-halaga sila, kung minsan naman ay materyal ang mas mahal, at kung minsan pa ay nangyayari na ang limang dolyar na halaga ng sining ay matatagpuan sa mga materyal na gaya ng bakal na nagkakahalagang limang sentimo. Kung minsan, ganun pa man, ang isang antigong gawa sa sining ay nagkakahalagang isang milyon habang ang materyal na kung saan ito ay gawa ay di nagkakahalagang limang sentimo. At sanhi nito, kung ang

ganyang gawa sa sining ay dadalhin sa pamilihan ng mga antigo at may kaugnayan sa isang mahusay at ganap na alagad ng sining ng mga sinaunang panahon, at patalastas na sasabihin ang pangalan ng alagad ng sining at ng sining na iyan, ay maaaring maipagbenta iyan sa isang milyong dolyar. Samantalang kung iyan ay dadalhin sa magbabakal, ang tanging presyong matatanggap ay ang limang sentimong halaga ng bakal.

Samakatwid, ang tao ay paganyang isang antigong gawa ng sining ng Makapangyarihang Diyos. Isa itong pinakamahusay at magandang kababalaghan ng Kanyang kapangyarihan na Kanyang nilikha upang linawin ang lahat ng Kanyang mga Pangalan at ng mga inskripsiyon ng mga ito, sa anyo ng isang maniyaturang ispesimen ng santinakpan. Kapag ang liwanag ng pananampalataya ay nakakapasok sa katauhan nito, ang lahat ng mga makahulugang inskripsiyon dito ay mababasa. Bilang isang nananampalataya, nababasa nito ang mga iyon nang buong batid, at sa pamamagitan ng ganyang ugnayan ay nagiging dahilan ito sa iba para basahin ang mga iyon. Iyan ay nangangahulugan na, ang Banal na sining sa tao ay nagiging malinaw sa pamamagitan ng mga kahulugan na gaya ng, “Ako ang nilalang at katibayan ng Lubos na Maluwalhating Manlilikha. Pinatutunayan ko ang Kanyang habag at kaganda-gandang kalooban.” Iyan ay nangangahulugan na, ang pananampalataya, na binubuo ng pagiging nauugnay sa Manlilikha, ay nagbibigay-linaw sa lahat ng gawa ng sining sa tao. Ang kahalagahan ng tao ay alinsunod sa Banal na sining na iyan, at sa pagiging isang sumasalamin sa Isang Magpasawalang-hanggang Dulugan. Sa puntong ito, ang walang-saysay na tao ay nagiging simuno ng Diyos at isang panauhin ng Nagbibigay-buhay na karapat-dapat sa Paraiso na napakahusay sa lahat ng iba pang mga nilalang.

Gayon pa man, kapag ang di-pananampalataya, na binubuo ng pagsira sa ugnayan, ay nakapasok sa katauhan ng tao, ang lahat ng yaong mga makahulugang inskripsiyon ng mga Pangalang Dibino ay nalulusaw sa dilim at hindi na mababasa. Dahil kapag ang Tagapaglalang ay kinalimutan, ang mga bahaging espiritwal na nakatuon sa Kanya ay hindi na mauunawaan; sila ay magiging mga baligtad baga. Ang karamihan sa mga yaong mahahalagang dakilang sining at itinaas na mga inskripsyon ay matatakpan. Ang matitira, yaong mga maaaring makita ng mata, ay maipapalagay na sanhi ng mga hamak na kadahilanan, Kalikasan, at pangyayari, at lubhang mawawalan ng halaga. Habang ang bawat isa ay makislap na brilyante, ang bawat isa naman ay nagiging kapiraso na lamang ng walang kislap na salamin. Ang kanyang kahalagahan ay nakatuon lamang sa kanyang hayop,

katauhang pangkatawan. At tulad ng sinabi natin, ang layunin at bunga ng kanyang katauhang pangkatawan ay ang dumaan lamang sa isang sandalian at bahagyang buhay bilang pinakawalang-lakas, nangangailangan, at namimighati sa mga hayop. Pagkatapos ay mabubulok at papanaw. Nakita mo na kung papaano ang di-pananampalataya sumisira sa kalikasan ng tao, at binabago ito mula sa pagiging mga brilyante ay nagiging uling.

IKALAWANG PUNTO

Kagaya ng ang pananampalataya ay isang liwanag na nagbibigay-ilaw sa tao at nagpapalinaw sa lahat ng mensahe ng Isang Magpasawalang-hanggang Dulugan na ikinintal sa kanya, ganun ding nagbibigay-ilaw ito sa santinakpan, at inililigtas ang nakaraan at ang kinabukasan mula sa kadiliman. Ipaliliwanag ko ang misteryong ito sa pamamagitan ng isang paghahambing na aking nakita sa isang pangitain, na patungkol sa isang kahulugan ng talata:

Ang Panginoon ang Tagapagtanggol ng mga yaong nananampalataya; inaakay Niya sila palabas sa kadiliman patungong liwanag.[2]

Ganito iyan:

Nakita ko sa aking pangitain ang isang kasindak-sindak na tulay na nakatayo sa pagitan ng dalawang magkaharap na matataas na bundok. Sa ilalim ng tulay ay isang lambak na pagkalalim-lalim. Nasa ibabaw ako ng tulay. Balot ng makapal na kadiliman ang bawat bahagi ng mundo. Tumingin ako sa aking kanan at nakita ang isang napakalawak na libingan na balot sa walang-hanggang makapal na kalungkutan; ibig sabihin, naisip ko iyan. Tumingin ako sa aking kaliwa na wari nakita ko baga ang mababangis na unos at mga kalamidad na nag-iipon sa gitna ng nakasisindak na mga daluyong ng kadiliman. Tumingin ako sa ilalim ng tulay at parang nakita ko ang isang matinding lalim. Mayroon akong isang malamlam na sulo sa harap ng nakasisindak na kadilimang ito. Ginamit ko ito at bahagya lang makakita sa liwanag nito. Isang katakut-takot na sitwasyon ang lumitaw sa akin. Sa katotohanan, ang yaong kakila-kilabot na mga dragon, mga leon, at mga halimaw ay lumitaw sa aking palibot at sa tulay sa aking harapan na

[2] **Qur'an, 2:257**

ako ay napasigaw: “ Ay! Pahamak lang sa akin ang sulo na ito!” at buong galit kong inihagis ito sa lupa at nabasag. Pagkatapos nitong mabasag ay biglang nawala ang kadiliman na para bang sinindihan ko ang isang higanteng de-kuryenteng ilawan na nagbigay-liwanag sa buong mundo. Ang bawat sulok ay pinuno ng liwanag ng ilawan. Ipinakita nito ang lahat na para bang sa totoo.

Nakita ko na ang tulay na aking namalas ay isang daang-bayang tumatahak sa isang kapatagan. Ang malawak na libingan na nakita ko sa aking kanan ay natanto kong binubuo mula sa itaas hanggang ibaba ng magaganda, luntiang mga hardin at mga pinagtitipunan sa pagsamba, paglilingkod, pag-uusap, at ng pag-aalaala sa Diyos sa pangangasiwa ng mga nagliliwanag na kalalakihan. Ang mga bangin at taluktot sa aking kaliwa na inakala kong masigwada at maunos ay saglitang nakita ko ngayon na isang malawak, maganda, at itinaas na lugar ng pagdiriwang, paglilibang, at kasiyahan sa likuran ng mga kabundukang pinalamutian at kalugod-lugod. At ang mga nilalang na inakala kong kasindak-sindak na mga halimaw at mga dragon ay nakita kong mga kilalang maamong hayop tulad ng mga kamelyo, kapong baka, tupa, at kambing. Habang ipinapahayag ang, “Ang lahat ng papuri ay sa Diyos dahil sa liwanag ng pananampalataya”, ay binasa ko ang talata:

Ang Panginoon ang Tagapagtanggol ng mga yaong nananampalataya; inaakay Niya sila palabas sa kadiliman patungong liwanag,

at nagising ako mula sa aking pangitain.

At gayun nga, ang dalawang bundok ay ang simula at wakas ng buhay; ang ibig sabihin, ang mundong ito at ang panggitnang kalipunan. Ang tulay ay ang daan ng buhay. Sa kanan ay ang nakaraan, at sa kaliwa, ang kinabukasan. Para naman sa maliit na sulo, iyon ang pantaong labis na pagpapahalaga sa sarili, na makaako, na umaasa sa kung anong alam nito, at hindi sumusunod sa makalangit na kapahayagan. Ang mga bagay na inakalang mga halimaw ay ang mga pangyayari at mga kakaibang nilalang sa mundo.

Dahil doon, ang isang umaasa sa kanyang labis na pagpapahalaga sa sarili, na nahuhulog sa kadiliman ng kawalang-bahala at sinasawing-palad ng kaitiman ng kawalang-patnubay ay kumakawangis sa una kong kalagayan

sa pangitain na, tulad ng munting sulo at sanhi ng di-sapat at ligaw na kaalaman ay nakita ang nakaraan sa anyo ng isang malaking libingan sa gitna ng kadilimang walang laman. Ipinamalas nito ang kinabukasan bilang isang inuunos na lugar ng kalagimang nakatakda nang maganap, at ipinakita bilang wari mga halimaw ang mga pangyayari at mga nilalang na ang bawat isa ay masunuring tagapagtupad ng Isang Lubos na Maalam at Lubos na Mahabagin. Ang taong paganyan ay wari ba nagpapatotoo sa talata:

At ang mga yaong tumalikod sa pananampalataya, ang kanilang mga tagapagtanggol ay ang mga masasama; inaakay sila ng mga ito palabas ng liwanag tungo sa kadiliman.[3]

Ngunit kung ang taong iyan ay pagsusumikapan ang patnubay na Dibino at papasok sa kanyang puso ang pananampalataya, at kung ang kalupitan ng kanyang kaluluwa ay durog na at kanyang sinusunod ang Aklat ng Diyos, magiging kawangis niya ang ikalawa kong kalagayan sa pangitain. Pagkatapos ay kagyat na magiging kasing-liwanag ng araw ang santinakpan at mapupuno sa liwanag na Dibino. Bibigkasin ng mundo ang talata:

Ang Diyos ang liwanag ng mga kalangitan at ng daigdig.[4]

Pagkatapos ay makikita niya sa mata ng puso na ang nakaraan ay hindi isang malawak na libingan, kundi ay (isang kalipunan na kung) saan ang mga pangkat ng dinalisay na mga kaluluwa, na sa bawat siglo matapos nilang isagawa ang mga tungkulin sa pagsamba sa pamumuno ng isang Propeta o banal, ay ibubulalas ang, "Ang Diyos ang Pinakadakila!" sa paglulubos sa mga tungkulin ng kanilang buhay, at mga lilipad sa matataas na mga tirahan, papunta sa nakaraan. Titingin siya sa kaliwa at sa pamamagitan ng liwanag ng pananampalataya ay makikilala niya sa malayo ang isang pinagdiriwangang lugar ng Lubos na Mahabagin na nakatalaga sa mga palasyo ng lubos na kaligayahan sa mga hardin ng Paraiso sa ibayo ng pagkalaki-laking pag-inog ng panggitnang kalipunan at ng kabilang-buhay. At mahuhulo niya na ang mga unos at mga lindol at mga nakakatakot na pangyayari ay kapwa mga masunuring tagapagtupad, at maiintindihan niya na ito ang mga kasangkapan para sa mga halimbawa ng karunungan na bagamat tila malupit sa tingin, sa katunayan ay mga pinakamarahan, tulad ng mga bagyo at mga ulan sa tagsibol. Titingnan niya maging ang

[3] **Qur'an, 2:257**
[4] **Qur'an, 24:35**

kamatayan bilang pasimula sa buhay na walang-hanggan, at ang libingan, ang pinto sa walang-katapusang kaligayahan. Maaari kang maghinuha ng karagdagan pang pananaw para sa iyong sarili. Isagawa mo sa paghahambing ang katotohanan.

IKATLONG PUNTO

Ang pananampalataya ay kapuwa liwanag at lakas. Oo, ang isang nagtataglay ng tunay na pananampalataya ay maaaring humamon sa buong santinakpan at makaligtas mula sa pahirap ng mga pangyayari alinsunod sa lakas ng kanyang pananampalataya. Habang nagsasabing, "Inilalagay ko sa Diyos ang aking pagtitiwala," ay naglalakbay siya sa mga gabundok na daluyong ng mga pangyayari sa barko ng buhay nang lubusang ligtas. Ipinagtitiwala niya ang lahat ng kanyang mga pasanin sa kamay ng kapangyarihan ng Isang Lubusang Makapangyarihan, naglalayag sa mundo nang maginhawa, pagkatapos ay kakamtin ang pamamayapa sa panggitnang kalipunan. Sa bandang huli ay maaaring lilipad na siya sa Paraiso upang pumasok sa walang-hanggang kaligayahan. Kung hindi, kapag hindi siya nagtitiwala sa Diyos, sa halip na palipad, ang mga pasanin ng mundo ay hihila sa kanya sa kababa-babaan ng mababa. Ang ibig sabihin, ang pananampalataya ay nangangailangan ng pagpapatibay sa Kaisahang Dibino, ang pagpapatibay sa Kaisahang Dibino ay nangangailangan ng pagpapasakop sa Diyos, ang pagpapasakop sa Diyos ay nangangailangan ng pagtitiwala sa Diyos, at ang pagtitiwala sa Diyos ay talagang tumutuloy sa kaligayahan sa mundong ito at sa kabila. Ngunit huwag kang magkakamali sa pag-unawa nito. Ang pagtitiwala sa Diyos ay hindi ang lahatang pagtanggi sa mga sanhi; kundi ay mas maiging malaman mo na ang mga sanhi ay isang tabing sa kamay ng kapangyarihan at mayroong dulugan sa mga ito. Habang nababatid na ang pagsusumikap sa mga sanhi ay isang uri ng masigasig na panalangin, ang paghahangad ng mga dulot ay sa Makapangyarihang Diyos lamang, kilalanin na ang mga resulta ay mula sa Kanya lamang, at magpasalamat sa Kanya.

Ang mga yaong inilalagay sa Diyos ang mga pagtitiwala at ang mga yaong hindi ay katulad ng dalawang lalaki sa kwentong ito:

Isang beses ay ipinasan ng dalawang lalaki sa kanilang mga likod at ulo ang mabibigat na karga at, pagkabili ng mga tiket, nagsipagsakay na sa

isang malaking bapor. Pagkasakay nila rito ay inilapag sa palapag ng isa sa kanila ang kanyang karga, at binanatayan niya ito habang nakaupo rito. Ang isa, gayon pa man, dahil sa siya ay parehong hangal at hambog ay hindi niya ibinaba ang karga. Nang pagsabihan siya na: "Iwanan mo sa palapag iyang mabigat na karga at guminhawa ka," ang sagot nito: "Hindi, hindi ko ibababa ito, baka mawala ito. Malakas ako, babantayan ko ang pag-aari ko sa pamamagitan ng pagpasan nito sa aking ulo at likod." Muli ay pinagsabihan siya: "Itong mapagkakatiwalang malaking bapor na nagdadala sa iyo at sa atin ay napakalakas, mas mapangangalagaan nitong maige iyan kaysa sa iyo. Maaari kang mahilo at mahulog sa dagat kasama ng iyong karga. Sa ano't anuman ay dahan-dahan kang panghihinaan ng lakas, at ang mga kargang iyan ay unti-unting bibigat at ang kuba mo nang likod at ulong walang-utak ay magiging wala nang lakas para kayanin sila. At kapag nakita ka ng Kapitan sa ganitong ayos ay maaari niyang sabihin na luku-luko ka at palalabasin ka sa barko, o di kaya ay iisipin niya na wala kang utang na loob, na inaakusahan mo ang aming barko at tinutuya mo kami, at iuutos niyang dalhin ka sa kulungan. Saka ginagawa mong hangal ang sarili mo sa harap ng bawat isa. Dahil makikita ng nakauunawa na nagpapamalas ka ng kahinaan sa pamamagitan ng kahambugan, kawalang-lakas sa pamamagitan ng iyong kapalaluan, at paghamak at pagkukunwari sa pamamagitan ng iyong pagpapanggap, at sa ganyan ay ginagawa mong katatawanan ang sarili mo sa paningin ng mga tao. Pinagtatawanan ka ng bawat isa." Pagkatapos niyan ay nagka-isip rin ang sawing-palad na taong iyon. Ibinaba niya sa palapag ang karga niya at inupuan ito. Ang sabi niya sa isa: "Ah! kalugdan ka nawa ng Diyos. Nakaligtas ako sa kahirapang iyan, sa bilangguan, at sa paggawa kong luku-luko sa aking sarili."

At ganun nga, o taong ayaw ihabilin sa Diyos ang pagtitiwala! Mag-isip-isip ka na ring tulad ng taong iyan at ihabilin mo sa Kanya ang pagtitiwala mo, upang nang sa gayon ay makaligtas ka sa pagpapalimos sa harap ng buong santinakpan, na nanginginig sa bawat kaganapan, sa kapalaluan, na ginagawang katatawanan ang sarili mo, kalunus-lunos sa kabilang-buhay, at sa kulungan ng mga pabigat ng mundong ito…

IKAAPAT NA PUNTO

Ginagawa ng pananampalataya na maging tao ang tao; sa katunayan, ang tao ay ginagawa nito na isang hari. Dahilan dito ay pangunahing tungkulin ng tao ang pananampalataya at pagsusumamo (sa Diyos).

Mula sa libu-libong katibayan sa bagay na ito, ang mga pagkakaiba sa mga kaparaanan ng pagdating ng mga hayop at tao sa mundo ay isang malinaw na palatandaan at tiyak na katibayan. Oo, ang mga pagkakaibang ito ay nagpapamalas na ang sangkatauhan ay nagiging sangkatauhan sa pamamagitan ng pananampalataya. Sapagkat kapag ang mga hayop ay dumarating sa mundo, dumarating sila na ganap na sa lahat ng punto ayon sa kanilang mga kakayanan na wari mga nilubos na baga sa ibang mundo; ang ibig sabihin, ipinadala sila. Natututuhan nila ang lahat ng kondisyon sa kanilang buhay, ang mga ugnayan nila sa santinakpan, at ang mga tuntunin sa buhay alinman sa dalawang oras o dalawang araw o dalawang buwan, at nagiging mga bihasa sa mga ito. Ang mga hayop na kagaya ng mga maya at pukyutan ay natatamo sa loob ng dalawampung araw ang kakayanang mabuhay at pagiging bihasa sa kanilang mga kilos ang yaong natatamo lamang ng tao sa loob ng dalawampung taon; ang ibig sabihin, ibinigay-buhay sa kanila ang mga iyon. Ito ay nangangahulugan na ang pangunahing tungkulin ng mga hayop ay hindi ang maging ganap sa pamamagitan ng pag-aaral at kaunlaran sa tulong ng kaalaman, ni ang maghanap ng tulong at magsumamo sa pamamagitan ng pagpapamalas ng kawalang-lakas, kundi ay ang ayon sa kanilang mga kakayanang gumawa at kumilos. Masiglang pagsamba ang kanilang tungkulin.

Para naman sa tao, kailangan niyang matutuhan ang lahat nang siya ay dumating sa mundo; siya ay mangmang, at hindi man lamang matutuhang ganap ang mga alituntunin sa buhay sa loob ng dalawampung taon. Sa katunayan ay kailangan niyang magpatuloy sa kaalaman hanggang sa dulo ng kanyang buhay. Isa pa ay ipinadala siya sa mundo sa pinakamahina at walang-lakas na anyo, at nakatatayo lamang sa kanyang mga paa sa isa o dalawang taon. Sa loob lamang ng labin-limang taon niya nakikilala ang kaibahan ng pinsala at pakinabang, at sa tulong ng karanasan ng sangkatauhan ay natatamo ang mga bagay na nakabubuti sa kanya at naiiwasan ang iba na mga nakapipinsala. Ito ay nangangahulugan na ang likas nang tungkulin ng tao ay ang maging ganap sa pamamagitan ng pagkatuto at ang magpahayag ng kanyang pagsamba sa Diyos at pagpapakaalipin sa Kanya sa pamamagitan ng pagsusumamo. Ang ibig sabihin, aalamin ang mga sagot sa mga tanong: “Sa pamamagitan ng kaninong habag ang aking buhay ay buong talinong napangasiwaan sa ganitong paraan? Sa pamamagitan ng kaninong kabutihang-loob ako ay buong kagandahang-loob na pinalaki? Sa pamamagitan ng kaninong pagkamapagpala ako ay buong selan na inalagaan at tinulungan?” Iyan ay

ang magmakaawa at magsumamo sa Tagapagtustos ng mga Pangangailangan sa pamamagitan ng dila ng kawalang-lakas at kakapusan; iyan ay ang maghangad mula sa Kanya. Iyan ay ang lumipad sa mataas na himpilan ng pagsamba at pagpapakaalipin sa Diyos sa mga pakpak ng kawalang-lakas at kakapusan.

Ito ay nangangahulugan na ang tao ay dumating sa mundong ito upang maging ganap sa pamamagitan ng karununggan at pagsusumamo. Hinggil sa kanyang kalikasan at mga kakayanan, ang lahat ay may kaugnayan sa karununggan. At ang saligan, pinagmulan, liwanag, at ang diwa ng lahat ng tunay na karununggan ay ang pagkakakilala sa Diyos, at ang pinakabuod at batayan nito ay pananampalataya sa Diyos.

Bukod pa riyan, sa dahilan na ang tao ay saklaw ng walang-katapusang mga paghihirap at binibigyang-hapis ng di-mabilang na mga katunggali sa kabila ng walang-hanggan niyang kawalang-lakas, at nagdurusa sa walang-katapusang pangangailangan at taglay ang di-mabilang na mga naisin sa kabila ng walang-hanggan niyang kakapusan, kasunod ng pananampalataya, ang kanyang pangunahing likas nang tungkulin ay pagsusumamo (sa Diyos). Patungkol sa pagsusumamo, ito ang batayan ng pagsamba sa Diyos at pagpapakaalipin sa Kanya. Upang matamo ang isang naisin o gustuhin na hindi niya makamit, ang isang bata ay alinman sa iiyak o hihilingin iyon; ang ibig sabihin, magsusumamo siya sa pamamagitan ng dila ng kanyang kawalang-lakas sa gawa man o sa salita, at magtatagumpay na makamit iyon. At ganun din, ang tao ay tulad sa isang maselan, kinagigiliwang bata sa mundo ng lahat ng mga buhay na nilalang. Alinman sa iiyak siya sa Kapulungan ng Isang Pinakamahabagin at Mapagpala sa pamamagitan ng kanyang kahinaan at kawalang-lakas, o magsusumamo sa pamamagitan ng kanyang kakapusan at pangangailangan, upang ang mga bagay na kanyang gusto ay maaaring mapasailalim sa kanya, o maaari siyang maghandog ng mga pasasalamat sanhi ng gayong pagkakagawa sa mga iyon. Kung hindi naman ay tulad sa isang batang walang-isip na nabahala dahil sa isang langaw, na nagsasabing: “Sa sarili kong lakas ay nagpapasailalim sa akin ang mga bagay na di-maaaring magpasailalim at mga bagay na libong beses na mas malakas, at pinasusunod ko sila sa akin sa pamamagitan ng sarili kong mga palagay at mga panukat,” nagpapamalas siya ng kawalan ng utang na loob sa mga kagandahang-loob. At tulad ng pagiging salungat nito sa katutubong kalikasan ng tao, kung kaya rin ay ginawa niya ang kanyang sarili na karapat-dapat sa malubhang kaparusahan.

IKALIMANG PUNTO

Ang pananampalataya ay nangangailangan ng pagsusumamo bilang isang tiyak na paraan sa ikakakamit ng mga pangangailangan, at gaya ng ganun katinding pangangailangan dito ng kalikasang pantao, kung kaya ang Makapangyarihang Diyos ay ganun din ang pag-aatas na:

Sabihin mo, 'Hindi magdudulot ng pansin sa inyo ang aking Nagbibigay-buhay kundi nang dahil sa inyong pagsusumamo.' [5]

Na may pakahulugan na: Anong kahalagahan ang inyong tataglayin kung hindi kayo nag-alay sa Akin ng mga pagsusumamo? At ipinag-uutos din Niya:

Tawagan ninyo Ako at sasagutin Ko kayo. [6]

Kung sasabihin mo: "Madalas kaming gumawa ng mga pagsusumamo, lamang ay hindi tinatanggap ang mga iyon." Ngunit ang talata na ito ay pangkalahatan; ito ay nagsasabi na ang bawat pagsusumamo ay tinatanggap.

Ang Sagot: Malaki ang kaibahan ng sinagot sa tinanggap. Ang bawat pagsusumamo ay sinasagot, ngunit ang kanyang pagiging tanggap at kung ano ang tumpak na natamong hinangad ay nakasalalay sa karunungan ng Makapangyarihang Diyos. Halimbawa, kung tawagin ng isang batang may sakit ang doktor, sabay sabing: "Doktor! Doktor!" at sumagot ito na: "Narito ako, anong gusto mo?" at ang sabi ng bata: "Ibigay mo sa akin ang gamot na iyan!" alinman sa ibibigay ng doktor ang kung anong tumpak niyang hinihiling o di kaya ay isang mas magaling at higit pa na kapaki-pakinabang para sa kanya. O dahil sa nalalaman na ito ay mapanganib sa kanyang sakit ay wala itong ibibigay.

Samakatwid, dahilan sa ang Makapangyarihang Diyos ay lubos na naririyan* at lubos na nakatingin, tinutugunan Niya ang mga pagsusumamo ng Kanyang mga alipin. Sa pamamagitan ng Kanyang pagiging naririyan at

---

[5] **Qur'an, 25:77**

[6] **Qur'an, 40:60**

* **(Sa pamamagitan ng kanyang Kapangyarihan at Karunungan at hindi ang Kanyang Personal na Sarili ---Tr.)**

pagtugon, binabago Niya ang pangungulila ng kalungkutan at pag-iisa tungo sa kapalagayang-loob. Ngunit ginagawa Niya ito, hindi bilang alinsunod sa kapritso at mga mapilit na kahilingan ng tao, kundi ay bilang alinsunod sa mga kagustuhan ng Banal na karunungan; ibinibigay Niya ang kung ano ang hinihiling o kung ano ang mas magaling pa riyan, o wala Siyang anumang ibinibigay.

Dagdag pa, ang pagsusumamo ay isang anyo ng pagsamba at pagkilala sa pagpapakaalipin ng tao sa Diyos. Ang mga bunga nito ay nauukol sa kabilang-buhay. Ang mga layuning nauukol sa mundong ito ay ang mga panahon ng isang natatanging uri ng pagsusumamo at pagsamba. Halimbawa, ang mga dasal at ang mga pagsusumamo para umulan ay isang anyo ng pagsamba. Tagtuyot ang panahon ng ganyang pagsamba. Ang pagsamba at ang mga pagsusumamo ng ganitong uri ay hindi para magkaroon ng ulan. Kung ang mga iyan ay isinasagawa sa ganyang layunin lamang ay hindi sila karapat-dapat na tanggapin, dahil hindi sila mga taos-pusong pagsamba. Ang paglubog ng araw ang oras ng mga panggabing dasal. At ang mga eklipse ng araw at buwan ay ang mga oras ng dalawang natatanging dasal na nakalaan para sa natatanging pangyayaring ito. Ang ibig sabihin, sa pamamagitan ng pagtabing sa dalawang maliwanag na tanda ng gabi at araw, ang kadaki-dakilaan ng Diyos ay naipapahayag, kung kaya ay tinatawagan ng Diyos ang Kanyang mga alipin sa isang uri ng pagsamba sa mga panahong yaon. Ang mga dasal ay hindi para maihantad ang araw at buwan (na ang paglabas at gaano katagal ang eklipse magpapatuloy ay nakalkula, gayon pa man, ng mga astronomo).

Sa gayon ding paraan, tagtuyot ang panahon ng mga dasal para umulan. At ang pagdalaw ng mga kalamidad at pagpapahirap ng mga nakapipinsalang bagay ang mga panahon ng mga pagsusumamo kapag nahulo ng tao ang kanyang kawalang-lakas at sa pamamagitan ng kanyang pagsusumamo at pagmamakaawa ay nagpapakanlong sa Hukuman ng Isang Nagtataglay ng Lubos na Kapangyarihan. Kahit pa man din ang mga kalamidad ay hindi napapawi sa kabila ng maraming pagsusumamo, hindi maaaring sabihin na hindi tinanggap ang mga ito. Ang dapat na sabihin ay hindi pa tapos ang panahon ng pagsusumamo. Kung sa pamamagitan ng Kanyang pagiging mapagpala at pagiging mapagbigay-loob ay aalisin ng Makapangyarihang Diyos ang kalamidad, liwanag sa liwanag, ang panahon ng pagsusumamo na iyan ay tapos at wala na. Ang ibig sabihin, ang pagsusumamo ay taglay ang kahulugan ng pagsamba at ng pagkakakilala ng tao sa kanyang pagpapakaalipin sa Diyos .

Para naman sa pagsamba at pagpapakaalipin sa Diyos, ito ay dapat na buong dalisay at buong taos-puso na para lamang sa Diyos. Dapat na ipahayag lamang ng tao ang kakulangang-lakas nito at magpakanlong sa Kanya sa pamamagitan ng pagsusumamo, hindi dapat ito manghimasok sa Kanyang Kabanalan. Dapat ay ipaubaya nito sa Kanya ang mga hakbangin at manalig sa Kanyang Karunungan. Huwag dapat nitong akusahan ang Kanyang Habag.

Sa katotohanan, kung ano sa katunayan ang pinagtibay ng malinaw na mga talata ng Qur'an ay sa paganito, na lamang at ang lahat ng nilalang ay nag-aalay ng kani-kanilang natatanging pagluluwalhati at pagsamba, ganun din naman na kung ano ang magpapailanglang tungo sa Hukumang Dibino mula sa lahat ng santinakpan ay ang pagsusumamo. Ito ay alinman sa pamamagitan ng dila ng likas na kakayanan tulad ng pagsusumamo ng lahat ng mga pananim at mga hayop na kung saan ang bawat isa, sa pamamagitan ng dila na ito, ay naghahangad ng isang hubog mula sa Lubos na Tagapagkaloob at ang magpamalas at magpatunay ng Kanyang mga Pangalan. O kaya ay sa pamamagitan ng dila ng likas na pangangailangan. Ito ang mga pagsusumamo para sa lahat ng kanilang mga mahalagang pangangailangan---na di maabot ng kanilang kakayanan para makamit---na iniaalay ng lahat ng mga may-buhay na nilalang. Sa pamamagitan ng dila na ito, ang bawat may-buhay na nilalang ay naghahangad ng mga bagay mula sa Isang Lubusang Mapagkaloob para sa pagpapatuloy ng kanyang buhay, tulad sa isang uri ng kabuhayan. O kaya ay pagsusumamo sa pamamagitan ng dila ng apurahang pangangailangan, na sa pamamagitan nito ang lahat ng nilalang na may mga espiritong humahantong ang kanilang mga sarili sa ilang suliranin o mahigpit na kalagayan ay gumagawa ng pagsusumamo at naghahanap ng agarang kanlungan sa isang di-kilalang tagapagtanggol; sa katunayan, bumabaling sila sa Lubos na Mahabaging Nagbibigay-buhay. Kapag walang anumang pumipigil dito, ang tatlong uri ng pagsusumamong ito ay laging tinatanggap.

Ang ikaapat na uri ng pagsusumamo ay ang pinakakilala; iyan ay ang ating pagsusumamo. Ito ay may dalawa ring uri: ang isa ay aktibo at sa pamamagitan ng kalooban, at ang isa pa, sa salita at kasama ang puso. Halimbawa, ang dumulog sa mga pinagmulan ay isang aktibong dasal. Ang sama-samang pagtitipunin ang mga pinagmulan ay hindi para lumikha ng resulta, kundi ay ang pumili ng katanggap-tanggap na katayuan sa pamamagitan ng dila ng kalooban upang hangarin ang resulta mula sa

Makapangyarihang Diyos. Ang mag-araro ng isang linang ay pagkatok sa pintuan ng ingatang-yaman ng habag. Sa dahilan na ang ganitong uri ng aktibong pagsusumamo ay nakatuon sa Pangalan at titulo ng Isang Lubusang Mapagkaloob, ito ay tinatanggap sa karamihan sa mga pangyayari.

Ang ikalawang uri ay ang pag-aalay ng pagsusumamo ng dila at puso. Ito ay ang paghahangad ng mga naising di-maabot ng kamay. Ang pinakamahalagang bahagi, ang pinakamagandang layunin, ang pinakamatamis nitong bunga ay ganito: "Batid ng nag-aalay ng mga pagsusumamo na may Isang nakaririnig sa mga naisin ng kanyang puso, na ang kamay Nito ay nakaaabot sa lahat ng bagay, na matutugunan Nito ang bawat isa sa kanyang mga nais, na nahahabag Ito sa kanyang kawalang-lakas, at tumutugon sa kanyang kakapusan."

At kung kaya, o walang-lakas, nangangailangang tao! Huwag mong pababayaan ang isang kasangkapan na tulad ng pagsusumamo, na siyang susi sa ingatang-yaman ng habag at sa walang-pagkaubos na lakas. Kumapit ka rito! Pumailanglang ka sa pinakamataas na tuktok ng sangkatauhan! Isama mo sa iyong mga pagsusumamo ang yaong buong santinakpan, wari isang hari! Sabihin mo, *Sa Iyo lamang kami humihingi ng tulong,*[7] na tulad sa isang lingkod at kinatawan na kumakatawan sa buong santinakpan! Manatili ka sa Pinakamahusay na Huwaran ng paglalang!

Ikalawang Kabanata

[7] **Qur'an 1:4**

Kasama ng Limang Puna
hinggil sa kaligayahan
at kapighatian ng tao

Sa dahilan na ang tao ay nilikha mula sa pinakamahusay sa mga huwaran at pinagkalooban ng pinakamalawak na mga kakayanan, inihagis siya sa paligsahang-lugar ng pagsubok at pagsulit na kung saan ay maaari siyang pumailanglang o mahulog sa mga katayuan, mga tungkulin, at mga antas mula sa kababa-babaan ng mababa tungo sa kataas-taasan ng mataas, mula sa lupa tungo sa Tronong Dibino, at mula sa kaliit-liitang butil tungo sa araw. Ipinadala siya sa mundong ito bilang isang himala ng Kapangyarihang Dibino, na bunga ng paglalang, at isang kamangha-mangha ng sining ng Dibino na sa kanyang harapan ay inilahad ang dalawang landas na patungong walang-hanggang pagtaas o walang-hanggang pagbaba. Ipaliliwanag natin ang hiwaga nitong dakilang pagsulong at paghina ng tao sa Limang Puna.

UNANG PUNA

Kailangan ng tao ang karamihan sa mga uri ng nilalang sa santinakpan at (siya ay) nauugnay sa mga ito. Ang kanyang mga pangangailangan ay sumasaklaw sa bawat bahagi ng mundo, at ang kanyang mga hangarin ay umaabot sa kawalang-hanggan. Tulad ng pagkakagusto niya ng isang bulaklak, ganun din naman ang pagkakagusto niya ng tagsibol. Tulad ng pagnanais niya ng isang hardin, ganun din naman ang pagnanais niya ng walang-hanggang Paraiso. Tulad ng pananabik niyang makita ang isang kaibigan, ganun din naman ang pananabik niyang makita ang Isang Lubos na Kagandahan sa Luwalhati. Tulad ng upang madalaw ang isang minamahal niyang nakatira sa ibang lugar, kinakailangan niyang mapagbuksan sa kanya ang pinto ng kanyang minamahal, ganun din naman na upang madalaw ang siyamnapu't-siyam na porsyento ng mga kaibigan

niyang nagsipaglakbay na (nagsipagyao na) sa panggitnang kalipunan *(ang pansamantalang himpilan ng mga yumao nang kaluluwa, na nasa pagitan ng buhay sa daigdig na ito at ng kabilang-buhay---Tr.)* at nang mailigtas sa walang-hanggang pagkakalayo, kailangan niyang magpakanlong sa Hukuman ng Isang Lubos na Makapangyarihan na Siyang magsasara sa pinto nitong pagkalaki-laking mundo at magbubukas sa pinto ng kabilang-buhay, na isang pagpapamalas ng mga kamangha-mangha, at magpapapanaw sa mundong ito at itatayo ang kabilang-buhay bilang kapalit nito.

Kaya nga ba sa ganitong kalagayan ng tao ang tanging Tunay na Sinasamba ay Yaong ang sa Kanyang Kamay ay naroroon ang mga pamamahala sa lahat ng bagay, na Yaong taglay ang mga ingatang-yaman ng lahat ng bagay, na Yaong nakakakita sa lahat ng bagay, at naroroon kahit saan *(sa pamamagitan ng Kanyang Kaalaman at Kapangyarihan—Tr.)*, na Yaong di-abot ng kalawakan, di-saklaw ng kawalang-lakas, walang kamalian, at malayo sa lahat ng kapintasan; Isang Lubos na Makapangyarihan sa Luwalhati, Isang Lubos na Mahabagin sa Ganda, Isang Lubos na Pantas sa Kasakdalan

.

At kaya nga ba, o tao, kung ikaw ay alipin sa Kanya lamang, makakamtan mo ang isang kalagayang nakahihigit sa lahat ng nilalang. Ngunit kung ikaw ay tatalikod sa ganitong pagpapakaalipin sa Kanya, ikaw ay magiging isang hamak na alipin sa mga walang-lakas na nilalang. Kung ikaw ay aasa sa iyong pagpapahalaga sa sarili at sa sariling kapangyarihan at pababayaan ang pagtitiwala sa Diyos at ang pagsusumamo, lilihis tungo sa pagmamalaki at kahambugan, ikaw ay bababa nang mas mababa pa sa isang langgam o pukyutan kung sa kabutihan at paglalang, at magiging mas mahina pa sa isang gagamba o isang langaw. Magiging mas mabigat ka pa sa isang bundok kung sa kasamaan at pagwasak, at mas nakapipinsala pa kaysa sa isang peste.

Oo, o tao! Mayroon kang dalawang bahagi: ang isa ay yaong sa paglalang, kabutihan, mga kilos, at pagpapatotoo. Ang ikalawa ay ang bahagi ng pagwawasak, kawalang-eksistensiya, kasamaan, pagtatanggi, at kawalang-kilos. Hinggil sa unang bahagi, ikaw ay mas mababa pa kaysa sa isang pukyutan o maya, at mas mahina pa kaysa sa isang gagamba o langaw. Samantalang hinggil sa pangalawang bahagi, nadaig mo pa ang mga bulubundukin, daigdig, at mga papawirin; tinanggap mo ang isang pasanin na kung saan noon ay ipinamalas nila ang kanilang kawalang-lakas at

kanilang inurungan, at pinanghawakan mo ang isang kalipunan na mas masaklaw at mas malaki pa kaysa sa kanila.[8] Sapagkat kapag ikaw ay lumikha at gumawa ng mabuti, nakakayanan mong gawin iyon hanggang sa abot lamang ng iyong kapangyarihan at lakas at sa antas na maabot ng iyong kamay. Ngunit kapag ginawa mo ang masama at pagwawasak, ang iyong kasamaan ay lumilipos at ang iyong pagwawasak ay lumalaganap.

Halimbawa, ang di-pananampalataya ay isang kasamaan, isang pagwawasak, isang kawalan ng pagpapatibay. Ngunit ang isang kasamaang iyan ay binubuo ng panghahamak sa buong santinakpan, minamaliit ang lahat ng Pangalang Dibino, at inaabuso ang lahat ng sangkatauhan. Dahil ang mga nilalang na ito ay may mga matataas na katayuan at mga mahahalagang tungkulin; sila ang mga Banal na mensahe, mga salaming Dibino, at mga pinunong Dibino. Ngunit itinitiwalag sila ng di-pananampalataya mula sa kanilang mga katayuan bilang mga salamin, bumago sa mga tungkulin ng mga pinuno, at sampu ng mga kabuluhan, at nagpapababa sa kanila nang kapantay ng kawalang-saysay at bilang mga laruan ng pangyayari. At sa pamamagitan ng pagwawasak ng kamatayan at paghihiwalay, ibinababa sila nito sa antas ng pagiging mabilisang nabubulok na panandaliang bagay, na salat sa lahat ng kabuluhan at halaga, sa pagiging walang-kuwenta. At ganun din naman na sa pamamagitan ng pagtanggi ay inaalipusta nito ang mga Pangalang Dibino, ang mga inskripsiyon, mga patunay, at mga kagandahang makikita sa buong santinakpan at sa mga salamin ng mga nilalang. At inihahagis nito sa isang kalagayan na higit pang mas hamak at mas mahina, lalo pang walang-lakas at hikahos kaysa sa pinakamababang panandaliang hayop ang isang nagtataglay ng ranggong kinatawan ng Diyos sa daigdig, na kilala bilang tao, na isang mahusay ang pagkakabuong tula ng karunungan na pumapahayag sa mga pagpapatotoo ng mga Sagradong Pangalang Dibino; at isang wari similya na himalang sariling-patunay ng Kapangyarihang Dibino, na tinataglay ang lahat ng sangkap ng isang walang-hanggang punong-kahoy; at siya na sa pamamagitan ng pagbalikat sa "Pinakadakilang Habilin" ay naging mas mataas pa kaysa sa daigdig, himpapawid at mga bulubundukin at nakamit ang kahigitang-uri sa mga anghel. Ibinaba siya nito (di-pananampalataya) sa

[8] **Ang pasanin na ito ay inilarawan bilang *ang Habilin* sa sumusunod na talata: *"Sa katunayan, inialok Namin sa mga kalangitan at daigdig at ng mga kabundukan ang Habilin; ngunit tumanggi sila na tanggapin ito, bilang takot na gampanan ito. Ngunit tinanggap ito ng tao; hindi talaga siya makatarungan at kulang sa isip."* Isa sa mga bahagi nito ay tumutukoy sa 'Ako' o labis na pagpapahalaga sa sarili, gaya ng buong detalyang naipaliwanag sa *Ikatatlumpung Salita,* na isinalin sa Ingles at inilathala bilang *Tao at ang Santinakpan,* Paglalathalang Sozler, Istanbul 1986. (Tr.)**

kapantay ng isang pangkaraniwang karatula na kulang sa kahulugan, nalilito, at mabilisang nabubulok.

Sa madaling sabi: Hinggil sa pagwawasak at kasamaan, ang kaluluwang gumagawa ng masama ay maaaring makagawa ng walang-hanggang mga krimen, ngunit patungkol sa pagiging mapanlikha at kabutihan, ang kapangyarihan nito ay lubhang napakaliit at bahagya. Oo, ang isang bahay ay maaaring gibain sa isang araw, samantalang hindi ito maitatayo sa sandaan. Gayon pa man, kung tatalikdan ng kaluluwa ang labisang pagpapahalaga sa sarili at hahangarin ang mabuti at buhay mula sa tulong Dibino, at kung titigilan nito ang masama at pagwawasak at magtitiwala sa kaluluwa, at ang paghahangad ng kapatawaran ay magiging isang tunay na alipin ng Diyos, ay lilinawin nito ang kahulugan ng talata:

Papalitan ng Diyos ng mabuti ang kanilang masama.[9]

Ang walang-hangganang kakayahan nito sa kasamaan ay mapag-iibayong-anyo tungo sa kabutihan. Matatamo nito ang halaga ng Pinakamagaling sa mga Huwaran at papailanglang sa kataas-taasan ng mataas.

At kaya nga ba, o taong pabaya! Tingnan mo ang pagiging mapagbigay at kabutihang-loob ng Makapangyarihang Diyos! Bagamat makatarungan na itala bilang isang libo ang isang masama at ang isang mabuting gawa bilang isa o kaya ay hindi na lang, itinatala Niya ang isang masama bilang isa, at ang isang mabuting gawa bilang sampu, at minsan bilang pitumpu o pitundaan, o minsan ay kahit pa bilang pitong libo. Maiintindihan mo rin mula sa Puna na ito, na ang maipadala sa Impyerno, na lubhang kakila-kilabot, ay kagantihan sa nagawa at dalisay na katarungan, samantalang ang maipadala sa Paraiso ay dalisay na kagandahang-loob.

IKALAWANG PUNA

Ang tao ay may dalawang mukha: ang isa, patungkol sa kanyang labis na pagpapahalaga sa sarili, ay nakatuon sa buhay rito sa mundo. Ang ikalawa, patungkol sa pagsamba at pagpapakaalipin sa Diyos, ay nakatuon sa buhay na walang-hanggan. Hinggil sa unang mukha siya ay isang hamak

[9] **Qur'an, 25:70**

na nilalang na ang kahalagahan ay binubuo lamang ng mga sumusunod: sa kalooban, mayroon lamang siyang gahibla ng buhok na katiting na kapangyarihang pumili; sa kapangyarihan, isang mahinang kakayanang magkamit; sa buhay, isang madaling maglahong siklab; sa haba ng buhay, isang panandaliang maikling panahon; at sa pagkatao, isang mabilisang nabubulok na munting katawan. Kasama pa nito, siya ay isang maselan, mahinang nilalang sa di-mabilang na mga nilalang ng walang-bilang na mga klase ng mga katauhang isiniwalat sa mga antas ng santinakpan.

Hingil sa ikalawang mukha at lalo na ang kanyang kawalang-lakas at kakapusan, na ibinaling sa pagsamba, ang tao ay talagang may malawak na luwang at malaking kahalagahan. Sapagkat isinama ng Lubusang Pantas na Manlilikha sa kalikasan ng tao ang walang-hanggang malaking kawalang-lakas at walang-katapusang pagkalaki-laking kakapusan, upang siya ay maging isang masaklaw na salamin na nagtataglay ng di-mabilang na mga pagpapatotoo ng Isang Lubos na Makapangyarihan at Mahabagin na ang Kanyang kapangyarihan ay walang-hanggan, Isang Lubos na Mapagkaloob, Lubos na Mayaman, na ang Kanyang yaman ay walang-katapusan.

Katotohanan, ang tao ay kahalintulad ng isang butil. Ang butil na ito ay pinagkalooban ng mga mahalagang di-materyal na sangkap ng Kapangyarihang Dibino at ng isang mahusay, mahalagang programa ng Panakdaang Dibino, upang ito ay maaaring kumilos sa ilalim ng lupa; at lumilitaw mula sa makipot na mundo na iyan ay pumapasok naman sa maluwang na mundo ng hangin, at humihiling sa Manlilikha nito sa dila ng kalooban nito na sana maging isang punong-kahoy ay matatamo ang isang kaganapang karapat-dapat dito. Kung sanhi ng masamang gawi ay gagamitin ng butil ang mga di-materyal na kaanib na kaloob rito sa pag-aakay ng mga sangkap na nakapipinsala sa ilalim ng lupa, sa isang maigsing panahon ay masisira ito at mabubulok sa makipot na lugar na iyan nang walang pakinabang. Ngunit kung ang butil ay aalinsunod sa kalikhaang utos ng

Ang Diyos ang Tagapagbitak ng butil at butong datiles [9]

at kakasangkapaning maige yaong mga di-materyal na sangkap, lalabas ito mula sa makipot na mundong iyan, at sa pamamagitan ng pagiging isang malaking namumungang kahoy, ang mumunti nitong natatanging katotohanan at ng lakas nito ay magiging sa anyo ng isang masaklaw na katotohanang pangkalahatan.

[9] **Qur'an, 6:95**

Magkagayon din, ang mga makabuluhang sangkap at mga mahalagang programa ay naipunla na sa kalikasan ng tao sa pamamagitan ng Kapangyarihan Dibino at Panakdaan. Kapag ginagamit ng tao ang mga di-materyal na sangkap na yaon para sa nasa ng kanyang kaluluwa at sa mga di gaano mahalagang kaligayahan sa lupa ng makamundong buhay sa makipot na kulungan ng pandaigdigang mundo na ito, siya ay masisira at mabubulok sa gitna ng mga kahirapan sa isang maigsing buhay sa isang masikip na lugar na tulad ng nasirang butil, at ipapataw ang pananagutan sa kawawa niyang kaluluwa, pagkatapos ay papanaw sa mundong ito.

Kung aalagaan niya, magkagayon pa man, ang butil ng kanyang mga kakayahan sa dilig ng Islam at sa liwanag ng pananampalataya sa lupa ng pagsamba at pagpapakaalipin sa Diyos, nang sumasang-ayon sa mga utos ng Qur'an, at itutuon ang kanyang mga kakayahang-sangkap sa tunay na layunin ng mga ito, ay makakapagbuo sila ng mga sanga at mga usbong sa Mundo ng mga Pagkakawangis at sa panggitnang kalipunan; magiging isa siyang napakahalagang butil at isang makintab na makinang tinataglay ang mga sangkap ng isang walang-kamatayang punung-kahoy at palagiang katotohanan na magiging mga sangkap sa di-mabilang na mga katumpakan at mga kagandahang-loob sa Paraiso. At siya ay magiging isang pinagpala at makintab na prutas sa punong-kahoy ng santinakpan.

Oo, ang tunay na pag-unlad ay ang ituon sa buhay na walang-hanggan ang mga mukha ng puso, kaluluwa, pag-iisip, at maging ang imahinasyon at iba pang mga mahuhusay na kakayahang-sangkap na kaloob sa tao, at ang maging okupado ang bawat isa ng natatanging tungkulin sa pagsambang karapat-dapat dito. Ang pag-unlad ay hindi tulad ng iniisip ng mga taong walang-patnubay, na ang sumagasa sa buhay sa mundong ito sa lahat ng kaliit-liitan nitong mga detalye; at upang matikman ang bawat uri ng kasiyahan, maging ang pinakahamak, ay ipapasailalim sa masamang-gawang kaluluwa ang lahat ng mahuhusay na mga kakayahang-sangkap at ng puso at isipan, at ang paalalayin ang mga ito roon. Ang gawin ito ay hindi pag-unlad; ito ay paghina. Nakita ko ang katotohanang ito sa isang pangitain na inilalarawan sa sumusunod na paghahambing:

Pumapasok ako sa isang malaking bayan nang tumingin ako at makitang puno ng malalaking palasyo ito. Sa mga pintuan ng ilan sa mga palasyong ito ay may kasayahang tulad sa isang teatrong magarbo; bihag nito at hawak ang pansin ng bawat isa at nililibang sila. Tiningnan kong

mabuti at nakita ko na ang tagapamahala sa isang palasyong yaon ay nasa pinto; nilalaro niya ang isang aso at tumutulong sa kasayahan. Nagpaparaya ang mga kababaihan sa magiliw na pakikipag-usap sa mga kabataang walang-modo. Isinasaayos ng mga kadalagahan ang mga laro ng mga bata. At ginagampanan naman ng bantay-pinto ang papel ng pag-aakay sa iba. Naisip ko pagkaraka na ang loob ng malaking palasyo ay labis na walang-laman. Ang mga dalisay nitong tungkulin ay nanatiling lahat di-tapos. Ang mga kaasalan ng mga naninirahan dito ay humina kung kaya kanilang ginagampanan sa pinto ang mga papel na ito.

Nagpatuloy ako hanggang sa mapadako ako sa isa pang malaking palasyo. Nakita ko na may isang masunuring aso na nakaunat sa pinto at isang mabalasik at tahimik na bantay-pinto; taglay nito ang isang pangkaraniwan anyo. Naging mausisa ako: bakit ganun ang isa at ang palasyong ito ay ganito? Pumasok ako sa loob. Pagkatapos ay nakita kong napakamasaya ang loob. Sa pala-palapag na mga silid, ang mga tao sa palasyo ay abala sa kanilang iba't-ibang dalisay na tungkulin. Ang mga kalalakihan sa unang silid ay mga nagsisipagpangasiwa sa pamamahala at pagpapatakbo sa palasyo. Sa silid namang ibabaw niyan ay tinuturuan ng mga dalaga ang mga bata. Sa ibabaw pa niyan ang mga kababaihan ay abala sa mga napakahuhusay na sining at magagandang mga burda. At sa pinakaibabaw na palapag, ang tagapamahala ay nakikipagbalitaan sa hari, at abala sa sarili niyang matataas na tungkulin upang panatilihin ang katiwasayan ng mamamayan at ng sarili niyang mga tinatamo at pag-unlad. Hindi nila ako pinigilan dahil hindi naman nila ako makita, at nagawa kong mamasyal sa paligid. Pagkatapos ay lumabas ako at tumingin sa paligid: saanmang panig ng bayan ay naroroon ang ganitong dalawang uri ng palasyo. Nagtanong ako tungkol dito at sinabihan nila ako: "Ang mga palasyong may kasayahan sa pinto at ang mga looban ay walang-laman ay pag-aari ng pangunahin sa mga walang-pananampalataya at ng lipi ng walang-patnubay. Ang mga iba naman ay pag-aari ng kagalang-galang na mga dakilang Muslim." Pagkatapos sa isang sulok ay napadako ako sa isang palasyo na kung saan doon ay nakasulat ang aking pangalan, SAID. Naging mausisa ako. Tiningnan kong mabuti at wari nakita ko baga roon ang aking larawan. Napapasigaw sa lubos na pagatataka ay natauhan ako at nagising.

At ngayon ay ipaliliwanag ko sa inyo ang pangitaing ito. Nawa'y loobin ng Diyos na kabutihan ang idulot nito.

Ang bayan ay buhay lipunan ng tao at ang siyudad ay kabihasnan ng tao. Ang bawat isa sa mga palasyo ay isang tao. Ang mga tao sa mga palasyo ay ang mahuhusay na mga kakayahang-sangkap sa loob ng tao na tulad ng mga mata, mga tainga, puso, kaloob-loobang puso, espiritu, pag-iisip, at mga bagay na tulad ng kaluluwa at kapritso, at mga kapangyarihan ng pagnanasa at galit. Ang bawat isa sa mga kakayahang-sangkap ng tao ay may ibang tungkulin ng pagsamba, at ibang mga kasiyahan at mga hapdi. Ang kaluluwa at kapritso at mga kapangyarihan ng pagnanasa at galit ay tulad ng bantay-pinto at ng aso. Kung kaya, ang ipasailalim sa kaluluwa at kapritso ang matataas na mga mahuhusay na kakayahang-sangkap at isalimot ng mga ito ang pangunahin nilang mga tungkulin ay tiyakang paghina at hindi pag-unlad. Maaari mong ipaliwanag sa iyong sarili ang kabuuan.

IKATLONG PUNA

Hinggil sa kanyang mga kilos at mga gawa at ng kanyang trabaho, ang tao ay isang mahinang hayop, isang walang-lakas na nilalang. Ang abot ng kanyang mga kapangyarihan sa pagkakaloob at pag-aari sa puntong ito ay napakakitid na hindi hihigit sa layo na abot ng kanyang kamay. Maging ang mga maamong hayop na kung saan ang mga lakas ng mga ito ay itinaglay sa tao ay may kabahagi sa kanyang kahinaan, kawalang-lakas, at katamaran, upang kung ikukumpara ang mga ito sa maiilap nilang kapilas, makikita ang malaking kaibahan. (Tulad ng mga maamong kambing at baka at ng di-maamong kambing at baka.) Subalit hinggil sa pagpapasakop, pagtalima, pagsusumamo, at pagmamakaawa, ang tao ay isang pinarangalang manlalakbay rito sa bahay-panuluyan ng mundo. Panauhin siya ng Isang napakamagandang-loob na kung saan ang walang-hanggang mga ingatang-yaman ng habag ay binuksan para sa kanya at ang di-mabilang na mga bukod-tanging nilalang at mga lingkod ay ipinasailalim sa kanya. At isang kalipunang kay-lawak ang inihanda para sa libangan, aliwan, at kapakinabangan ng panauhing ito na kalahati ng diyametro nito ay kasing haba at lapad ng abot ng imahinasyon.

At kaya nga ba kung ang tao ay aasa sa kanyang labis na pagpapahalaga sa sarili, at ang makamundong buhay ang gagawin niyang layunin, nagtratrabaho para sa mga pansamantalang kasiyahan sa loob ng pagsisikap ng kabuhayan, ay nalulubog siya sa isang lubhang masikip na

kalagayan, pagkatapos ay yayao. Ang lahat ng mga kaanib, mga sistema, at mga kakayahang-sangkap na kaloob sa kanya ay mga sasaksi laban sa kanya sa muling-pagkabuhay at magsisipagsakdal laban sa kanya. Samantalang kung kilala niya ang kanyang sarili bilang isang panauhin at gugugulin ang kabuuan ng kanyang buhay sa kalipunan ng kapahintulutan ng Isang Magandang-loob na kung saan siya ay panauhin, ipagpupunyagi niya ang isang mahaba, buhay na walang-hanggan sa isang malawak na kalipunan, pagkatapos ay kanyang kakamtin ang pamamayapa at ginhawa. At sa bandang huli ay maaari siyang pumailanglang sa kataas-taasan ng mataas.

Bukod pa riyan, ang lahat ng mga sangkap at mga sistemang kaloob sa tao ay malulugod sa kanya at magsisipagsaksi nang pabor sa kanya sa kabilang-buhay. Dahil ang totoo, ang lahat ng kahanga-hangang mga kakayahang-sangkap na kaloob sa mga tao ay hindi para sa walang-saysay na makamundong buhay na ito, kundi ay para sa isang walang-hangganang buhay ng dakilang kahalagahan. Sapagkat kung ihahambing natin ang tao sa mga hayop, nakikita natin na ang tao ay napakayaman hinggil sa mga kakayahang-sangkap at mga kaanib, sandaang beses nang higit kaysa sa mga hayop. Subalit sa mga aliw ng makamundong buhay at sa buhay-hayop ay nahuhulog siyang sandaang beses nang mas hamak. Sapagkat sa bawat kasiyahan na kanyang natatamo ay bakas ang libu-libong mga hapdi. Ang mga hapdi ng nakaraan at mga pangamba sa kinabukasan at ang hapdi sa bawat paglipas ng kasiyahan ay sumisira sa kaligayahang kakamtin sana sa mga ito, at nag-iiwan ng isang bakas sa kasiyahan. Subalit ang mga hayop ay hindi tulad niyan. Tinatamo nila ang kasiyahan nang walang mga hapdi. Nakakamtan nila ang katuwaan nang walang kalungkutan. Ni ang mga kalungkutan ng nakaraan ay hindi nakapagdudulot sa kanila ng dusa, ni ang mga pangamba sa kinabukasan ay hindi naghahatid ng pighati sa kanila. Namumuhay sila ng mapayapa, at nag-aalay ng mga pasasalamat sa kanilang Manlilikha.

Ito ay nangangahulugan na kung ang tao, na nilikha sa pinakamahusay sa mga huwaran, ay kikitiran ang kanyang isipan sa buhay sa mundong ito, siya ay nahuhulog sandaang beses nang mas mababa pa kaysa sa isang nilalang na tulad ng maya, bagamat mas mataas pa siya sa mga hayop. Ipinaliwanag ko ang katotohanang ito sa ibang lugar sa paraan ng paghahambing. Iyan ay may kaugnayan dito, kaya uulitin ko iyan dito. Ganito iyan:

Binigyan ng isang lalaki ang isa sa kanyang mga utusan ng sampung pirasong ginto at sinabihan ito na bumili ng terno ng kasuutang gawa sa tanging tela. Pagkatapos, sa pangalawa ay binigyan niya ng sanlibong pirasong ginto, at pagkalagay sa bulsa ng katulong ng isang kalatas na kung saan ay nakasulat ang ilang bagay, inutusan ito sa palengke. Ibinili ng unang katulong ang sampung pirasong ginto ng napakahusay na terno ng pinakamagaling na tela. Samantalang ang ikalawang utusan ay hindi ginamit ang ulo nito, at habang nakatingin sa unang utusan at hindi binabasa ang kwentahang-kalatas sa bulsa nito, ibinigay nito ang sanlibong pirasong ginto sa magtitinda at humingi ng isang ternong kasuutan. Binigyan ito ng mandarayang magtitinda ng terno ng pinakamurang klase ng tela. Pagkatapos ay bumalik sa amo nito ang hamak na utusan at tumanggap ng matinding pangaral at katakut-takot na parusa.

Samakatwid, maging ang pinakabobo ay maiintindihan na ang libong pirasong ginto na ibinigay sa pangalawang utusan ay hindi para ibili ng isang terno ng kasuutan kundi ay para sa ilang mahalagang kalakal.

Sa ganun ding pakahulugan, ang bawat isa sa mga di-materyal na kaanib at mahuhusay na kakayahang-sangkap na taglay ng tao ay lumawak sa antas nang higit pa sa sandaang beses kaysa sa mga hayop. Halimbawa, pag-isipan mo ang mga kakayahang-sangkap at mga kaanib na tulad ng mga mata ng tao, na nakakikilala sa lahat ng antas ng kagandahan, at ng kanyang panlasa, na nakalalasap sa lahat ng uri ng mga natatanging lasa ng mga pagkain, at ng kanyang isip, na nakakaarok sa lahat ng mga pinakamahiwagang bahagi ng katotohanan, at ng kanyang puso, na hinahangad ang bawat uri ng kasadlakan; at pagkatapos ay pag-isipan mo ang lubhang payak na mga sangkap ng mga hayop na umunlad lamang sa isa o dalawang antas. Mayroon lang ganitong kaibahan, na sa mga hayop ang isang sangkap na natatangi sa ilang gawain at pasadya sa isang natatanging uri ay mas lubusang umuunlad. Ngunit ang kaunlarang ito ay natatangi.

Ang dahilan ng yaman ng tao hinggil sa mga kakayahang-sangkap ay ganito: sanhi ng talino at isip ang mga pandama at mga damdamin ng tao ay lubusang umunlad at lumawak. At maraming damdamin ang nabuo sanhi ng pagdami ng kanyang mga pangangailangan. At ang kanyang mga pandama ay naging labisang magkakaiba. At sanhi ng pagiging masaklaw ng kanyang kalikasan, lumitaw ang mga hangarin na ang tungo ay napakaraming layunin. At sanhi ng napakarami niyang tungkuling dulot ng kanyang kalikasan, lumawak nang husto ang kanyang mga kaanib at mga

kakayahang-sangkap. At sa dahilang nilikha siyang may likas nang kakayanang isagawa ang bawat uri ng pagsamba, pinagkalooban siya ng mga kakayanang taglay ang mga butil ng lahat ng kalubusan.

Samakatuwid, ang malaking yaman na ito sa mga kakayahang-sangkap at saganang puhunan ay tiyak na hindi ipinagkaloob para kamtin ang panandaliang makamundong buhay na ito. Kundi'y ang pangunahing tungkulin ng tao ay isagawa ang kanyang mga tungkulin, na nakatuon sa di-mabilang na mga hangarin; at ipahayag ang kanyang kawalang-lakas, kakapusan, at mga pagkukulang sa anyo ng pagsamba; at minamatyagan ang mga pagluluwalhati ng mga nilalang nang may pangkalahatang paningin ay saksihan ang mga ito; at nakikita ang mga halimbawa ng mga tulong ng Isang Pinakamahabagin ay maghandog ng mga pasasalamat; at nakatitig sa mga himala ng kapangyarihang Banal sa mga nilalang ay pag-isipan ang mga ito bilang mga bagay na mapagkukunan ng mga aral.

O taong sinasamba ang mundong ito, na mapagmahal sa makamundong buhay, at pabaya sa kahulugan ng 'ang pinakamahusay sa mga huwaran'! Nakita ng Lumang Said ang katotohanan ng makamundong buhay sa isang pangitain. Binago siya nito tungo sa Bagong Said. Ikaw rin ay pakinggan mo ito sa anyo ng isang paghahambing:

Nakita ko na ako ay isang manlalakbay at papunta sa isang mahabaang paglalakbay; ang ibig sabihin ay ipinadala ko. Unti-unting ibinigay sa akin ng yaong aking amo ang ilan sa salapi mula sa animnapung pirasong ginto na inilaan niya sa akin. Ginugol ko ang mga iyon at tumuloy ako sa isang bahay-panuluyan na kung saan ay katatagpuan ng lahat ng uri ng aliwan. Sa isang gabi sa bahay-panuluyan na iyan ay gumugol ako ng sampung pirasong ginto sa sugal, mga aliwan, at sa katuwaan ng kabunyian. Sa umaga ay wala na akong natirang pera. Bukod riyan ay wala akong nagawang kalakal ni nakabili ng anumang bagay para sa pupuntahan kong lugar. Ang tanging natira sa akin sa pera ay mga kasalanan at mga pighati, at mula sa mga aliwan ay mga sugat at kalungkutan. Habang nasa ganyang abang kalagayan, isang lalaki ang biglang lumitaw. Ang sabi niya sa akin:

"Sinayang mo ang lahat ng puhunan mo at karapat-dapat sa iyo ang kaparusahan! Papunta ka sa iyong paroronan nang bangkarota at sampu ng mga kamay mong walang laman. Subalit kung mayroon kang alinmang katinuan, ang pinto ng pagsisisi ay bukas. Pagkatanggap mo sa labinlimang pirasong ginto na natitira pa sa iyo, itabi mo ang kalahati nito bilang reserba.

Ang ibig sabihin ay kamtin mo ang mga bagay na kailangan mo sa lugar na patutunguhan mo."

Tumingin ako, ayaw sumang-ayon dito ang aking kaluluwa.

Kaya ang sabi niya: "Ikatlong bahagi, kung gayon."

Ayaw pa rin sumunod sa kanya ang aking kaluluwa.

Pagkatapos ay sinabi niya: "Ikaapat na bahagi."

Hindi maisuku-suko ng aking kaluluwa ang mga kinasanayan na kung saan ito ay pusakal na, kaya buong galit na tinalikdan ako ng lalaki at umalis.

Bigla ay nagbago ang eksena. Nasa isang tren ako sa isang tanel, na tumatakbong pagkatulin-tulin na wari bumubulusok baga pababa. Nasindak ako. Subalit anong magagawa ko, walang matakasan kahit saan. Kataka-taka, lumitaw sa magkabilang tagiliran ng tren ang magagandang bulaklak at katakam-takam na mga prutas. At, tulad ng luku-luko at baguhan, tiningnan ko ang mga iyon at, iniaabot ko ang aking mga kamay, tinangkang pitasin ang mga iyon. Subalit balot sila ng mga tinik at sumugat sa aking mga kamay at nagpadugo sa mga ito nang hawakan ko sila. Sa tulin ng tren ay nagkandasugat ang aking mga kamay pagkahiwalay sa mga iyon. Labis nila akong pininsala. Bigla ay nagsabi ang portero ng tren:

"Bigyan mo ako ng limang sentimo at ibibigay ko sa iyo ang dami ng gusto mong mga bulaklak at prutas. Ikaw ang dahilan ng kawalan ng sandaang sentimo sampu ng pagkakasugat ng mga kamay mo, sa halip na limang sentimo. Isa pa, mayroon ding multa; hindi mo sila mapipitas nang walang pahintulot."

Dahil sa pagkabahala ay inilabas ko sa bintana ang aking ulo at tumingin sa unahan para makita hanggang saan ang dulo ng tanel. Nakita ko na may maraming hukay sa lugar ng bukana ng tanel. Itinatapon doon ang mga tao mula sa mahabang tren. Nakita ko ang isang hukay sa aking tapat. Sa alinmang gilid nito ay may lapida. Taka kong tiningnan. Nakita ko na nakasulat sa isa sa mga lapida ang pangalang SAID. Sa aking pagkataranta at pagkabalisa ay napasigaw ako: "Sayang!" Pagkatapos ay biglang narinig

ko ang boses ng lalaking nagbigay sa akin ng payo sa bukana ng bahay-panuluyan. Ang sabi niya:

"Natauhan ka na ba?"

Sinagot ko: "Oo, pero huli na ngayon."

Kaya ang sabi niya: "Magsisi ka at magtiwala sa Diyos."

Sinagot ko na gagawin ko. Pagkatapos ay nagising ako at nakita ko ang aking sarili bilang ang Bagong Said; ang Lumang Said ay naglaho.

Samakatwid, iyan ay pangitain. Nawa'y loobin ng Diyos ang kabutihan mula rito! Ipaliliwanag ko ang isa o dalawang bahagi nito, pagkatapos ay pwede mong ipaliwanag para sa iyong sarili ang kabuuan.

Ang paglalakbay ay ang paglalakbay na dumaraan mula sa daigdig ng mga kaluluwa, tuluy-tuloy sa sinapupunan ng ina, kabataan, pagtanda, ang libingan, ang panggitnang kalipunan, ang muling-pagkabuhay, at ang Tulay ng Sirat tungo sa walang-hanggan. Ang animnapung pirasong ginto ay ang animnapung taon ng buhay. Matandaan kong nakita ko ang pangitain noong ako ay apatnapu't limang taong gulang. Wala akong maigagarantiya roon, subalit isang tapat na mag-aaral ng Lubos na Pantas na Qur'an ang nagpayo sa akin na gugulin ang kalahati ng labinlimang natitira sa akin para sa kabilang-buhay. Ang bahay-panuluyan para sa akin ay ang Istanbul. Ang tren ay ang panahon, at bawat taon isang karwahe. Patungkol sa tanel, iyon ang buhay sa mundong ito. Ang matitinik na mga bulaklak at prutas ay mga di-ipinapahintulot na mga kaligayahan at ipinagbabawal na mga aliwan na dulot ay hapdi habang nagpapasasa sa mga iyon sa kaiisip sa pagdaraan ng mga iyon, at sa paglalayo ay sumusugat sa puso, pinagdurugo ito. At nagdudulot din sila ng ipapataw na kaparusahan. Sinabihan ako ng portero ng tren na bigyan siya ng limang sentimo upang ibigay niya sa akin ang daming gusto ko.

Ang ibig sabihin nito ay ang mga sumusunod: ang mga kaligayahan at aliwan na tinatamo ng tao sa paraan ng ipinahihintulot na pagsusumikap sa loob ng kung anong tama ay sapat para sa kanya. Wala nang kailangan pa para pasukin ang di-ipinahihintulot. Maaari mong ipaliwanag para sa iyong sarili ang kabuuan.

IKAAPAT NA PUNA

Ang tao ay nahahalintulad sa isang mahina at kinagigiliwang bata sa santinakpan. May taglay na dakilang lakas sa kanyang kahinaan at dakilang kapangyarihan sa kanyang kawalang-lakas. Sapagkat ito ay sa pamamagitan ng lakas ng kanyang kahinaan at ng kapangyarihan ng kanyang kawalang-lakas kung kaya ang mga nilalang ay napapasailalim sa kanya. Kung maiintindihan ng tao ang kanyang kahinaan at maghahandog ng mga pagsusumamo sa salita at sa kalagayan at kilos, at kikilalanin ang kanyang mga kawalang-lakas at hihiling ng tulong, sa dahilang nakapaghandog na siya ng mga pasasalamat sa pagsasagawa sa mga ito, ay natatamo niya ang kanyang mga layunin at ang kanyang mga hangarin ay napapasailalim sa kanya sa paraang mas higit pa sa kung ano ang kanyang makakayanan sa sarili niyang kapangyarihan. Kaya lamang minsan ay buong pagkakamali niyang ipinalalagay sa sarili niyang kapangyarihan ang pagkakamit sa isang hangad, na sadya nga namang natamo para sa kanya sa pamamagitan ng mga pagsususmamong inihandog ng dila ng kanyang kalooban. Halimbawa, ang lakas sa kahinaan ng isang inakay ay tumutulak sa inahing manok para sugurin ang leon. At ang bagong silang nito na batang leon ay nagpapasailalim sa kanya ang mabangis at gutom na babaeng leon, naiiwang gutom ang ina at busog naman ang anak. Nakita mo na itong lakas sa kahinaan at pagpapatunay sa Dibinong Habag na dapat lang bigyan ng pansin!

Tulad ng sa pamamagitan ng pag-iyak o paghingi o mukhang malungkot, napapasailalim ng isang bata sa kanyang sarili ang malakas, at napakamatagumpay sa pagkakamit ng anong kanyang ginugusto na hindi niya matatamo maging ang ikasanlibo nito nang sanlibong beses man ng sarili niyang lakas. Ang ibig sabihin, sa dahilan na ang kahinaan at kawalang-lakas ay pumupukaw ng pagkahabag at isang damdamin ng pagkalinga para sa kanya, maaaring mapapasailalim ng bata ang mga bayani sa munti niyang daliri. Ngayon, kung sa luku-lukong kahambugan ay itatanggi ng batang iyan ang pagkahabag at paparatangan ang pagkalinga na kanyang sasabihing: "Pinasunod ko ang mga ito sa sarili kong lakas," ay talagang tatanggap siya ng isang sampal.

Sa ganun ding paraan, kung, tulad ni Qarun, sasabihin ng tao:

Ibinigay sa akin ito dahil sa karunungan na aking taglay, [11]

[11] **Qur'an, 28:78**

ibig sabihin, “natamo ko ito sa pamamagitan ng sarili kong kaalaman at ng sarili kong kapangyarihan” sa paraang nagpapamalas ng kawalan ng utang na loob at itinatanggi ang habag ng kanyang Manlilikha at pinararatangan ang karunungan Nito, ay talaga lamang na nararapat sa kanya ang isang mapagparusang palo. Ito ay nangangahulugan na ang pangingibaw ng tao at mga kaunlarang pantao at ang mga naabot ng kabihasnan, na dapat lang bigyan ng pansin, ay mga napasailalim sa kanya hindi sa pamamagitan ng kanyang akay sa mga ito o paglupig sa mga ito o sa pamamagitan ng labanan, kundi ay dahil sa kanyang kahinaan. Inaalalayan siya sanhi ng kanyang kawalang-lakas. Ipinagkakaloob sa kanya ang mga ito dahil sa kanyang karukhaan. Iniaadya sa kanya ang mga ito dahil sa kanyang kamangmangan. Ibinibigay sa kanya ang mga ito dahil sa kanyang pangangailangan. At ang dahilan ng kanyang pangingibabaw ay hindi lakas at kapangyarihan ng kaalaman, kundi ay ang pagkahabag at awa ng Nagbibigay-lakas at Dibinong habag at karunungan: ipinapasailalim ng mga ito ang mga bagay para sa kanya. Oo, anong nagbibigay ng sedang saplot sa tao, mula sa napakaliliit na insekto, siya na talo pa ng mapaminsalang maliliit na hayop na gaya ng walang-matang mga alakdan at walang-paang mga ahas, at siya na pinapakain ng pulut-pukyutang mula sa isang makamandag na insekto, ay hindi ang sarili niyang kapangyarihan, kundi ay ang pagpapasailalim (ng mga bagay bilang kalooban) ng Nagbibigay-buhay at ang pagkakaloob ng Pinakamahabagin, na mga ibinunga ng kanyang kahinaan.

O tao! Sa dahilan na ang katotohanan ng pangyayari ay sadyang ganyan, iwaksi mo na ang labis na pagpapahalaga sa sarili at kahambugan. Sa pamamagitan ng dila ng paghingi ng tulong ay ipahayag mo sa Dulugang Dibino ang iyong kawalang-lakas at kahinaan, at sa pamamagitan ng dila ng pagmamakaawa at pagsusumamo, ang iyong kakapusan at pangangailangan. Ipakita mo na ikaw ay Kanyang alipin. Sabihin mo:

Sapat na sa amin ang Diyos, dahil Siya ang Pinakamagaling na Umaayos sa mga pangyayari. [12]

[12] **Qur’an, 3:173**

at magpailanglang ka sa antas.

Isa pa, huwag mong sasabihin na: “Ako ay walang-kwenta. Anong halaga ba ang mayroon ako na ang santinakpan ay dapat na sadyang ipapasailalim sa akin ng Isang Ganap na Lubusang Pantas, at ang mga pandaigdigang pasasalamat ay kakailanganin pa sa akin?” Dahil sa katunayan ay tila wala ka ngang kuwenta kung patungkol sa iyong kaluluwa at hubog, ngunit sa punto ng tungkulin at katayuan, ikaw ay isang mapagmasid na manonood sa dakilang santinakpan na ito, isang elokuwente, malinaw bumigkas na dila ng mga nilalang na ito na punung-puno ng kaalaman, isang nakauunawang mambabasa sa aklat na ito ng santinakpan, isang tagapangasiwa nitong mga nilikhang puno ng kamanghaan sa kanilang mga pagluluwalhati, at tulad ng isang katiwala sa mga nilalang na ito na puno ng paggalang sa kanilang pagsamba.

Oo, o tao! Hinggil sa iyong gulay na pangkatawang katauhan at kaluluwang hayop, ikaw ay isang katiting na bingi, isang kadusta-dustang atomo, isang nangangailangang nilalang, isang hayop na mahina, na, inihagis sa mga nakasisindak na alon ng baha ng mga nilalang, ay pumapanaw. Subalit bilang naging ganap sa pamamagitan ng liwanag ng pananampalataya, na binubuo ng ningning ng pag-ibig na Dibino, at sa pamamagitan ng pagsasanay ng Islam, na nililiwanagan, hinggil sa katauhan at pagpapakaalipin sa Diyos, ay isang kang hari, at isang pangkalahatan sa loob ng pantangi; at sa loob ng iyong kawalang-halaga, isang mundo, at sa loob ng iyong pagkadusta-dusta, isang tagapamahala sa paganyang taas ng tungkulin at masaklaw na kalipunan na masasabi mong: "Ginawa ng aking Mahabaging Nagbibigay-buhay ang mundo na isang bahay para sa akin, ang araw at buwan na mga ilawan para rito, at ang tagsibol, isang kumpol ng mga bulaklak para sa akin, at ang tag-init, isang mesa ng mga kagandahang-loob, at ang mga hayop, ginawa Niya na aking mga katulong. At ginawa Niya ang mga pananim na palamuting mga kagamitan sa aking bahay."

Upang Wakasan: Kapag sinunod mo si Satanas at ang iyong kaluluwa, ikaw ay mahuhulog sa kababa-babaan ng mababa. Ngunit kapag sinunod mo ang Katotohanan at ang Qur'an, papailanglang ka sa kataas-taasan ng mataas at magiging Lubos na Pinakamahusay na Huwaran ng santinakpan.

IKALIMANG PUNA

Ang tao ay ipinadala sa mundong ito bilang isang nanunungkulan at panauhin, at pinagkalooban ng mga kakayahang may malalaking kabuluhan. At pinagkatiwalaan siya ng mga mahalagang tungkulin nang batay sa mga kakayahang yaon. At upang papagtrabahuhin ang tao sa katuparan ng mga layunin at mga tungkuling yaon, makapangyarihang panghihimok at mga matinding pananakot ang inihanda. Bigyan natin dito ng buod ang mga pangangailangan sa pagsamba at ng mga tungkulin ng tao, na naipaliwanag na natin nang may kahabaan sa ibang dako, upang ang himala ng 'Pinakamahusay sa mga Huwaran' ay maaaring maunawaan.

Sa pagdating sa santinakpan ang tao ay may dalawang bahagi sa pagsamba at pagiging isang alipin ng Diyos. Ang isa ay pagsamba at pagninilay-nilay nang di-kaharap ang Sinasamba. Ang ikalawa ay pagsamba at pagsusumamo sa Kanyang harapan at tuwirang kinakausap Siya.

Unang Bahagi: Ito ay ang buong masunuring pagtitibay sa kataas-taasang kapangyarihan ng Kabanalan na malinaw sa santinakpan at ang pagmasdan ang mga kalubusan at kabutihan nito nang may paghanga.

Pagkatapos ay ang ipahayag at ibalita ang bukod-tanging mga sining na binubuo ng mga inskripsiyon ng mga Sagradong Banal na Pangalan at ang ipakilala sila sa iba.

Pagkatapos ay ang sukatin sa timbangan ng pang-unawa ang mga hiyas ng mga Banal na Pangalan, na bawat isa ay parang sa isang nakatagong kayamanan; ito ay ang buong pagkilalang papagtibayin ang kanilang halaga sampu ng pusong mapagbatid.

Pagkatapos ay ang pag-aralan at pag-isipan nang may paghanga ang mga pahina ng mga nilalang at mga dahon ng daigdig at kalangitan, na tulad sa mga kalatas ng pluma ng kapangyarihan.

Pagkatapos ay sa pamamagitan ng buong paghanga na tingin sa gayak at pinong mga sining sa mga nilalang, ang makadama ng pagmamahal sa kaalaman (pagkakakilala) sa kanilang Lubos na Kagandahang Manlilikha, at ang maghangad na pumailanglang sa harapan ng kanilang Lubusang Ganap na Manlilikha at ang tumanggap ng Kanyang mga pagpapala.

Ikalawang Bahagi: Ito ang himpilan ng kinaroroonan at tirahan na kung saan ang tao ay dumaraan mula sa gawa patungo sa lumalang ng gawa at nakikita nito na ang Lubos na Kagandahang Manlilikha ay nais na gawin ang sarili nito na kilala at may kabatiran sa pamamagitan ng mga himala ng sarili Niyang sining, at ito ay tumutugon ng kaalaman at pananampalataya.

Pagkatapos ay nakikita nito na ang Lubos na Mahabaging Nagbibigay-buhay ay nais gawin ang sarili nito na minamahal sa pamamagitan ng mga maiinam na bunga ng Kanyang habag. Kaya sa pamamagitan ng pagtutuon ng pagmamahal nito at ng pagsamba nito sa Kanya, ginagawa nito ang sarili nito na mahalin Siya.

Pagkatapos ay nakikita nito na ang Lubos na Mapagbigay na Tagapagkaloob ay inaalagaan ito ng mga kaluguran ng mga kagandahang-loob, materyal man at di-materyal, at bilang kapalit ay hinandugan Siya nito ng mga pasasalamat at papuri ng mga pagkilos, asal, mga salita nito at, sa

abot ng makayanan nito, sampu ng lahat ng mga pandama nito at mga kakayahang-sangkap.

Pagkatapos ay nakikita nito na ipinapahayag ng Isang Lubos na Kagandahan at Maluwalhati ang Kanyang kadaki-dakilaan at mga kalubusan, at luwalhati at kagandahan sa mga salamin ng mga nilalang na ito, at umaakay ng maalalahaning mga titig sa mga ito. Kung kaya bilang pagtugon ay nasasabi nito: “Ang Diyos ang Pinakadakila! Ang Luwalhati ay para sa Diyos!” at sa pagpapakumbaba ay nagpapatirapa ng pagmamahal at pagkamangha.

Pagkatapos ay nakikita nito na ang May-ari ng mga Lubos na Kayamanan ay nagpapamalas ng Kanyang walang-hangganang yaman at mga ingatang-yaman sa gitna ng lubos na kagandahang-loob. Kung kaya bilang pagtugon, dinadakila at pinupuri Siya, ay nagmamakaawa ito at hinihiling ang mga iyon, ipinapahiwatig ang ganap nitong pangangailangan.

Pagkatapos ay nakikita nito na ang Lubos na Maluwalhating Manlilikha ay ginawa ang mukha ng daigdig na tulad sa isang tanghalan at inilantad dito ang lahat ng Kanyang mga matatandang likha ng sining. Kung kaya bilang pagtugon ay bumubulalas ito sa kaluguran: “Anong mga kahanga-hanga ang kalooban ng Diyos”, at sa pagtataka: “Anong mga biyaya ang ipinagkaloob ng Diyos!” at sa paghangha: “Ang Luwalhati ay para sa Diyos!” at sa pagkamangha: “Ang Diyos ang Pinakadakila!”

Pagkatapos ay nakikita nito na sa Kanyang palasyo ng santinakpan ang Tanging Isa sa Kaisahan ay nakapagkintal ng mga tatak ng Kaisahan sa lahat ng nilalang ng di-matularan Niyang lagda, at ng Kanyang mga selyo, mga pantatak, mga kodigong para lamang sa Kanya; na inuukitan Niya ng mga tanda ng Kanyang Kaisahan; at itinatayo ang bandera ng Kaisahan sa bawat panig ng mundo, inihahayag Niya ang Kanyang Kabanalan. At tinutugunan nito ng pagpapahinuhod, pananampalataya, pagpapasakop, pagsamba, at pagpapatibay sa Kanyang Kaisahan.

Samakatuwid, sa pamamagitan ng pagsamba at pagninilay-nilay sa ganitong uri siya ay nagiging isang tunay na tao. Ipinapakita nito na ito ay nasa Pinakamahusay sa mga Huwaran. Sa pamamagitan ng kagalingan ng pananampalataya ito ay nagiging isang mapagkakatiwalaang kinatawan ng Diyos sa daigdig na karapat-dapat sa pagdadala ng Habilin.

O taong walang-pag-iintindi na nilikha sa Pinakamahusay sa mga Huwaran, na sa pamamagitan ng maling paggamit ng kanyang kalooban ay bumababa sa kababa-babaan ng mababa! Makinig ka sa akin! Sa kawalang-pag-iintinding himok ng kalanguan ng kabataan ako, tulad mo, ay nag-akalang ang mundo ay napakainam at maganda. Pagkatapos ay sa sandaling magising ako sa umaga ng katandaan ay nakita ko kung gaano kapangit ang mukha ng mundong hindi nakatuon sa kabilang-buhay, na dati ay inakala kong maganda. Upang makita ito at kung gaano kaganda ang tunay nitong mukha, na tumitingin sa kabilang-buhay, maaari kang sumangguni sa dalawang 'Karatula' sa Ikalawang Himpilan ng ***Ikalabimpitong Salita,*** at tunghayan sa iyong sarili.

Ang Unang Karatula ay naglalarawan sa katotohanan ng mundo ng lipi ng kapabayaan, na noong matagal nang panahon, tulad ng lipi ng walang-patnubay, ay nakita ko sa pamamagitan ng tabing ng kawalang-pag-intindi, ngunit wala ang pagiging mga lango.

Ang Ikalawang Karatula ay nagpapakilala sa katotohanan ng mga mundo ng lipi ng may-patnubay. Hinayaan ko ito sa anyo nito nang isulat ko noong matagal na. Ito ay humahawig sa panulaan, ngunit hindi ito ganun talaga…

Ang papuri ay sa Iyo! Kami ay walang karunungan matangi sa Iyong itinuro sa amin; katotohanan, Ikaw ang Lubos na Maalam, Lubos na Pantas. [13]

*O Aking Nagbibigay-buhay! Paluwagin Mo sa akin ang aking dibdib * Padaliin Mo sa akin ang aking gawain * At kalagan Mo ang buhol sa aking dila * Nang maintindihan nila ang aking mga salita.*[14]

O Diyos! Pagkalooban Mo ng mga biyaya ang mahusay na nagkakaisang diwang Makamuhammad, ang Araw sa mga kalangitan ng mga hiwaga at katunayan ng mga liwanag, ang sentro ng ligiran ng Luwalhati at ang haligi ng kalipunan ng Kagandahan. O Diyos! Sa pamamagitan ng kanyang hiwaga sa Iyong kinaroroonan at sa kanyang paglalakbay sa Iyo, saklolohan Mo ang aking takot, at itama Mo ang aking pagkakadapa, at pawiin Mo ang aking dalamhati at aking kasakiman, at

[13] **Qur'an, 2:32**
[14] **Qur'an, 20:25-28**

maging akin, at kunin Mo ako mula sa aking sarili patungo sa Iyong sarili, at pagkalooban Mo ako ng pagpuksa (sa kasamaan ng aking sarili) mula sa aking sarili, at huwag Mo akong ipabighani sa aking kaluluwa at patabingan sa aking mga pandama, at ipahayag Mo sa akin ang lahat ng mga nakatagong lihim, O Isang Buhay-Kailanman at Sariling-Nabubuhay! O Isang Buhay-Kailanman at Sariling-Nabubuhay! O Isang Buhay-Kailanman at Sariling-Nabubuhay! At pagkalooban Mo ako ng kapatawaran at sa aking mga kasamahan at sa lipi ng pananampalataya at ng Qur'an. Tanggapin Mo nawa. O Pinakamahabagin sa mga Mahabagin at Pinakamabuting-loob sa mga Mabubuting-loob!

At ang pangwakas ng kanilang dasal ay: Ang lahat ng mga Papuri ay para sa Diyos, ang Nagbibigay-buhay sa Lahat ng mga Mundo.

* * *

Ikalabinlimang Tala Ng Ikalabimpitong Kislap

Kaya ang sinumang nakagawa ng katiting na kabutihan ay makikita iyon.* At ang sinumang nakagawa ng katiting na kasamaan ay makikita iyon. [1]

[1] **Qur'an, 99:7-8**

Ang talata na ito ay tumutukoy sa pinakaganap na pagpapakilala sa Banal na Pangalan ng Tagapangalaga. Kung gusto mo ng katibayan sa katotohanang ito ng Lubos na Pantas na Qur'an, tingnan mo ang mga pahina ng aklat ng santinakpan, na mga naisulat alinsunod sa tularan ng Malinaw na Aklat, at makikita mo ang maraming bahagi ng pinakadakilang pagpapakilalang nasa Pangalan ng Tagapangalaga at mga halimbawa ng malawak na katotohanan ng talata na ito.

Kumuha ka, halimbawa, ng sandakot na iba't-ibang buto ng mga punong-kahoy, mga bulaklak, at mga damo. Pagkatapos ay ikalat at itanim mo sa kadiliman ng maitim, payak, at walang-buhay na lupa ang mga butong yaon, na lahat ay naiiba sa isa't-isa at tulad sa maliliit na tangkay ng mga bulaklak, mga punung-kahoy, at mga damo, na bilang uri ay lahat din naiiba sa isa't-isa. Pagkatapos ay diligin mo ng simpleng tubig, na siyang walang panimbang, na walang pagkilala sa mga bagay, at dumadaloy kahit saan pa man ibuhos.

Pagkatapos ay balikan mo sa tagsibol, ang kalipunan ng taunang muling-pagkabuhay, at tingnan mo! Pansinin mong maige ang anghel ng kulog na tinatawagan ang ulan ng tagsibol na tulad ni Israfil na hinihipan ang tambuli nito at ipinaparating ang magagandang balita nito sa pamamagitan ng pag-ihip ng hininga ng buhay sa mga bulaklak na nakalibing sa ilalim ng lupa; makikita mo na sa ilalim ng pagpapakilala sa Pangalan ng Nangangalaga, ang mumunting mga butong yaon na lahat magulong nagkandahalo at magkakahalintulad sa isa't-isa ay umaalinsunurang lubos at walang pagkakamali sa mga kautusang panlalang na nagmumula sa Lubusang Pantas na Manlilikha. Umaalinsunuran sila nang lubus-lubusan na sa ganyang pagkilos nila ang isang maningning na kamalayan, pang-unawa, layunin, kalooban, karunungan, kalubusan, at katalinuhan ay malinaw. Sapagkat makikita mo na ang mga butong yaon, na magkakahalintulad sa isa't-isa, ay humihiwalay sa isa't-isa at nagiging magkakaiba.

Halimbawa, ang napakaliit na butong ito ay naging isang puno ng igos. Sinisimulan nitong ibuka sa itaas ng ating mga ulo ang mga kagandahang-loob ng Lubusang Pantas na Manlilikha. Ikinakalat sila nito na iniaabot sila nito sa atin sa tulong ng mga kamay ng mga sanga nito. At tingnan mo, mula sa dalawang buto na ito na magkahalintulad sa isa't-isa, ang isa ay nakapagbuo ng mga mirasol, at ang isa naman, mga lila.

Ginayakan nila ang kanilang mga sarili para sa atin, ngiti sa ating mga mukha, at pinunan nila tayo ng pagmamahal sa kanila.

Ang iba pa ring mga buto rito ay nakakapagbuo ng mga maiinam na prutas. Sila ay nagiging mga sibol, pagkatapos ay mga punung-kahoy. Sampu ng kanilang nakalulugod na mga lasa, mga amoy, at mga hugis, binubuhay nila ang ating mga gana at tayo ang kanilang tinatakam. At iniaalay nila ang kanilang mga sarili sa mga mamimili nila, upang nang sa gayon ay umunlad sila mula sa katayuan ng buhay gulay patungo roon sa buhay hayop.

Maaari kang gumawa ng dagdag pang paganyang paghahalintulad. Tumubo ang mga buto nang pagayon na kung saan ang kahit na isang dakot ay wari baga naging isang harding puno ng iba't-ibang mga punung-kahoy at sari-saring mga bulaklak. Wala silang pagkukulang o kamalian. Ipinapakita nila ang kahulugan ng:

Kaya tingnan ninyo uli; may makikita ba kayo na anumang kamalian? [2]

Sa pamamagitan ng pagpapatunay at pagpapala ng Pangalan ng Tagapangalaga, ang bawat buto ay walang kaguluhan o kamaliang napangalagaan at naipakilala ang iniwanan dito mula sa pamana ng ama nito at angkan.

Samakatuwid, ito ay tiyak na palatandaan na ang Siyang Isang nagdadala nitong di-mabilang na mga kamangha-manghang halimbawa ng pangangalaga ay magpapatotoo sa kataas-taasang pagpapakilala ng Kanyang pangangalaga sa muling-pagkabuhay at Huling Panghuhukom.

Dahil sa katunayan, itong pagpapakilala na ito sa pangangalaga rito sa mga di-makabuluhan, panandalian, at mga pansamantalang kalagayan, na sadyang walang-kamalian at walang-kapinsalaan, ay isang di-mapag-aalinlanganang katibayan na ang mga pagkilos, mga gawa, mga salita, at mabuti at masamang mga gawain ng mga tao, na taglay ang pinakamataas na halaga at mga walang-hangganang dulot, ay pasan ang Pinakadakilang Habilin, at mga kinatawan ng Diyos dito sa daigdig, ay pinangangalagaan ng pinakamahalagang pag-iingat at papananagutin. Inaakala ba ng tao na hindi siya mananagot sa kanyang mga gawa? Huwag sanang ipahintulot ng Diyos!

[2] **Qur'an, 67:3**

Ang tao ay nakatakda sa kawalang-hangganan at inilalaan sa alinman sa walang-katapusang kaligayahan o walang-hanggang pighati. Mahalaga man o maliit, marami o kaunti, ang lahat ng kanyang gawa ay titimbangin at tatawagin siya upang papanagutan sa mga iyon. Ang kanyang tatanggapin ay alinman sa kaparusahan o gantimpala.

Samakatuwid, ang mga saksi sa kataas-taasang pagpapatotoo sa pangangalaga at ang katotohanan nitong talata ay di-mabilang at di-makalkula. Ang mga saksi na ating naipakita sa paksa ay isang patak mula sa karagatan at isang katiting mula sa bundok.

Ang luwalhati ay sa Iyo! Kami ay walang kaalaman matangi sa kung ano ang itinuro Mo sa amin; sa katunayan, Ikaw ang Lubos na Maalam, Lubos na Pantas.[3]

Unang Bahagi ng Ikalabimpitong Salita

Ang kalikasan ng Makamundong Buhay

At mga Halimbawa ng Pakikiramay sa Kamatayan

Sa Ngalan ng Diyos, ang Mahabagin, ang Maawain.

Yaong nasa daigdig ay ginawa Namin bilang kanyang palamuti, upang sila ay Aming masubukan kung sino ang pinakamainam sa asal. Katotohanan,*

[3] **Qur'an, 2:32**

yaong nasa kanya ay gagawin Naming alikabok at tuyong lupa.[1]

Ano ba ang buhay sa mundong ito kundi laro at aliwan?[2]

Ginawa ang Mundong ito ng Lubos na Maawaing Manlilikha, ng Pinakamagandang-loob na Tagapagsustento, ng Lubos na Pantas na Lumikha bilang isang pagdiriwang at kasayahan para sa Mundo ng mga Espiritu at mga espiritong nilalang. Ginagayakan Niya ito ng mga kamangha-mangha ng mga inskripsiyon ng lahat ng Kanyang mga Pangalan, at sinasaplutan ang bawat espiritu, malaki man o maliit, mataas man o mababa, sa isang katawan na angkop dito, at sinasangkapan ito ng mga pandamang akma upang makinabang sa lahat ng di-mabilang na iba't-ibang mga kagandahang-loob at mabubuting bagay sa pagdiriwang, ay binigyan Niya ang bawat isa ng katauhang pangkatawan at agaran itong ipinapadala sa panoorin.

Bukod pa riyan, hinahati-hati sa mga siglo, mga taon, mga panahon, at maging sa mga araw at mga oras ang pagdiriwang, na labis na malawak kung sa panahon at kalawakan, ay ginawa Niya ang bawat siglo, bawat taon, bawat panahon, at sa ibang bagay maging ang bawat araw at bahagi ng isang araw na isang mataas na pagdiriwang sa anyo ng isang parada para sa bawat pangkat ng mga may-espiritung nilalang at ng bawat uri ng mga pananim. At lalo na ang mukha ng daigdig sa tagsibol at tag-init, sadyang ito ay isang kahanga-hangang pagkakasunud-sunod ng mga pagdiriwang para sa mga pangkat ng maliliit na mga nilalang, na bumibighani at tumatawag sa mga paningin ng mga espiritung nilalang, mga anghel, at mga naninirahan sa mga kalangitan sa matataas na antas ng mundo, at bumubuo ng isang lugar ng pag-aaral at pagmumuni-muni para sa mga yaong nag-iisip ng napakatalino na ang isipan ay walang-kapangyarihang ilarawan iyon.

Subalit sa kabila ng mga pagpapatotoo ng mga Banal na Pangalan ng Pinakamahabagin at ng Nagbibigay ng Buhay sa Dibinong pagdaraos at Banal na pagdiriwang na ito, ang mga Pangalan ng Tagapagsupil at Nagbibigay ng Kamatayan ay nagpapakita nang may kasamang hiwalayan at

[1] **Qur'an, 18:7-8**
[2] **Qur'an, 6:32**

kamatayan. At ito ay para bagang hindi umaalinsunod sa kasaklawan ng Dibinong habag na inilarawan sa:

At ang Aking Habag ay sumasaklaw sa lahat ng bagay.[3]

Ganun pa man, sa katunayan ay may ilang bahagi na kung saan ay umaalinsunod ito. Ang isang bahagi ay ganito:

Pagkatapos na malubos ng bawat pangkat ng nilalang ang halinhinan nito sa parada at ang mga naising bunga ay matamo mula sa parada, ang Pinakamagandang-loob na Lumikha at Lubos na Maawaing Manlilikha ay ipinadadama sa karamihan sa kanila ang pananawa at pag-ayaw sa mundo sa mapagpakiramay na anyo, at ipinagkakaloob sa kanila ang hangaring mamahinga na at pagnanais na lumikas sa ibayong mundo. At sa panahon na sila ay palalayain na sa mga tungkulin ng buhay ay iginigising Niya sa mga espiritu ang isang pananabik sa kanilang pinagmulang mga tahanan.

Bukod doon, hindi kalayuan sa walang-hangganang habag ng Isang Pinakamahabagin, dahilan nga sa gaya ng pagbibigay Niya ng gantimpalang pagkamartir sa isang pangkaraniwang sundalong nasawi habang lumalaban alang-alang sa tungkulin nito, at ng pagbibigay ng isang walang-hanggang katawan sa kabilang-buhay sa isang tupa na kinatay upang ialay at ng paggantimpala rito ng parangal bilang isang sasakyan na tulad ng *Buraq* para sa may-ari nito sa Tulay ng Sirat, ay ganun ding hindi malayo roon na dapat lang ay mayroon sa mga yaong walang-pagkaubos na ingatang-yaman ng Habag ang wastong mga gantimpalang pangkaluluwa at espiritwal na kabayaran nang alinsunod sa kanilang mga kakayahan para sa mga may-kaluluwang nilalang na mga nasawi sa pagsasakatuparan sa mga likas na tungkuling Banal na natatangi sa kanila at sa pagsunod sa mga kamanduang Dibino, at mga nangagdusa ng sukdulang mga kahirapan. At ganun din na dapat na hindi sila labis na mangagdusa sa paglisan sa mundong ito, tunay, na dapat pa ngang ikalulugod nila. *Walang nakababatid sa di-nakikita maliban sa Diyos!*

Para naman sa tao, na siyang pinakamarangal sa lahat ng mga may-kaluluwang nilalang at higit na nakikinabang sa mga pagdiriwang na ito sa kapuwa dami at kalidad, siya ay nabibighani ng at nagugumon sa mundo, at gayon pa man ay pinagkalooban siya ng isang kalagayan ng isipan na kung saan, sa pamamagitan ng Dibinong habag, ay nadarama niya ang pananawa

[3] **Qur'an, 7:156**

sa mundo at hinahangad ang mapunta na sa walang-hangganang mundo. Sinumang ang katauhan ay hindi nakalublob sa kawalang-patnubay ay makikinabang sa ganitong kalagayan ng isipan at yayao nang magaan sa dibdib. Ngayon ay ipaliliwanag natin sa paraan ng halimbawa ang Lima sa mga pananaw na tumutuloy sa ganitong lagay ng isipan:

ANG UNA: Kasama ng kapanahunan ng pagtanda, sa pamamagitan ng pagpapakita ng bakas at mapait na kahulugan ng panandalian at ng pananabang sa makamundo, maganda, at mga nakabibighaning bagay ay naaawat nito ang tao sa mundo at napapaghanap ng isang bagay na pirmihan kapalit ng pansamantala.

ANG IKALAWA: Sa dahilang siyamnapu't-siyam na porsyento ng mga kaibigan ng tao na kanyang inaalala ay mga yumao na sa mundong ito at mga namalagi na sa ibang mundo, sa pamamagitan ng pangganyak ng maalab na pag-ibig na iyan, nagkakaroon ito ng isang pananabik sa lugar na kinaroroonan sa kanyang mga kaibigan, at magpapaharap sa kanya sa kamatayan at sa takdang oras nang may kagalakan.

ANG IKATLO: Sa pamamagitan ng ilang mga bagay ay nauunawaan ng tao ang walang-hanggan niyang kahinaan at kawalang-lakas, at nagpapaintindi sa kanya kung gaano kabigat ang mga pasanin ng buhay at mga pananagutan sa pamumuhay ay nagdudulot ito ng taimtim na lunggati para mamahinga at taos-pusong hangad para yumao sa ibang mundo.

ANG IKAAPAT: Ipinapakita nito sa taong nananampalataya sa pamamagitan ng liwanag ng pananampalataya na ang kamatayan ay hindi pagpuksa, kundi ay isang paglipat ng tirahan, at ang libingan ay hindi bibig ng isang maitim na balon, kundi ang pinto sa mga mundong puno ng liwanag. At ang mundo, sa lahat ng kislap nito, ay tulad ng isang bartolina kumpara sa kabilang-buhay. Kung kaya ay tiyak na upang pumailanglang sa mga hardin ng Paraiso mula sa bartolina ng mundo, at upang makapagpatuloy mula sa magulong pagkakaligalig ng pangkatawang buhay tungo sa mundo ng pamamahinga at sa kalawakan na kung saan ang kaluluwa ay pumapailanlang, at upang malayang makatakas mula sa hindi kasiya-siyang ingay ng mga nilikha at nang makapunta sa Harapan ng Pinakamahabagin, ay isang paglalakbay na hahangarin ng libong buhay; katotohanan, iyan ay lubos na kaligayahan.

ANG IKALIMA: Sa pagpapakilala sa kalikasan ng mundong ito sa pamamagitan ng kaalaman at liwanag ng katotohanan sa Qur'an ay nagpapaunawa sa yaong mga sumusunod sa Qur'an na ang pagmamahal at pag-aalaala sa mundo ay lubos ng walang-saysay. Ang ibig sabihin, sinasabi at pinatutunayan nito sa tao ang mga sumusunod:

"Ang mundo ay isang aklat ng Isang Walang-hanggang Dinudulugan. Ang mga titik at mga salita nito ay hindi nakatuon sa sarili ng mga ito, kundi ay sa pinakadiwa, mga katangian, at mga Pangalan ng Iba. Sa dahilan na ganito nga iyon, intindihin mo at kamtin ang mga ibig sabihin, at iwanan mo ang mga inskripsiyon, at lumakad ka!

"Ang mundo ay isa ring mapaghahalamanang linang; magtanim ka at anihin mo ang mga pananim, at pangalagaan mo sila! Itapon mo ang basura, at huwag mong pahahalagahan ito!

"Ito ay isa ring likuman ng mga salaming dumarating at umaalis nang tuluy-tuloy na halihalilinan. Dahil diyan ay kilalanin mo ang Isa na Siyang binigyang-linaw sa kanila, tingnan mo ang Kanyang mga liwanag, intindihin mo ang mga paglilinaw sa mga Pangalan na lumilitaw sa mga ito at mahalin mo ang Siyang pinahahalagahan ng mga ito, at putulin mo ang iyong mga ugnayan sa mga piraso ng salaming nakatakda nang lipulin at basagin!

"Ito ay isa ring naglalakbay na pook-kalakal. Sa ganyang lagay ay tapusin mo na ang iyong kalakal at halina! Huwag mong hahabulin ang mga karabang lumalayo sa iyo at ayaw magsipagbati sa iyo; huwag mong papagurin ang sarili mo nang walang-saysay!

"Ito ay isa ring panandaliang pagtatanghal. Kung kaya panoorin mo ito nang may layuning makapulot ng mga aral, at buong ingat mong pag-aralan, hindi ang hayagang pangit nitong mukha, kundi ay ang nakatagong maganda nitong mukha na nakatuon sa Isang Nananatiling Kagandahan. Humayo ka sa isang kaaya-aya at kapaki-pakinabang na paglilibot, pagtapos ay magbalik ka, at huwag mong iiyakan at maging balisa na tulad ng isang batang walang-isip kapag ang mga eksenang nagpapakita sa yaong mga kay-iinam na mga tanawin at kagandahan ay naglaho!

"Ito ay isa ring bahay-bisita. Sa ganyang kalagayan, kumain ka at uminom sa sakop ng kapahintulutan ng magandang-loob na Punong-abalang naghanda nito, at maghandog ka ng mga pasasalamat. Gumawa ka at

kumilos nang saklaw ng Kanyang batas. Pagkatapos ay iwanan mo ito nang walang balikan at humayo ka. Huwag kang nanghihimasok nang pakialamerong binibigkas ang walang-kapararakan. Huwag mong gambalain ang iyong sarili sa mga bagay na mawawala rin sa iyo at wala kang kinalaman. Huwag mong pahahalagahan sa iyong sarili ang mga panandaliang bagay at malunod sa mga ito!" Sa pamamagitan ng paglilinaw sa mga lihim sa panloob na anyo ng mundo nang may maliwanag na mga katotohanang tulad ng mga ito ay lubos nitong pinagagaan ang paglisan sa mundong ito. Katunayan, nagiging kanais-nais pa ito sa nakababatid, at ipinapakita nito na mayroong bahid ng habag sa lahat ng bagay. Bukod pa riyan, ang Qur'an ay nagpapahiwatig ng iba pang mga natatanging bahagi bilang karagdagan nitong Limang Pananaw.

Sayang para sa isang taong walang kabahagi nitong Limang Pananaw!

* * *

Ang Ikatlong Liham

(Bahagi ng isang liham ni Bediuzzaman sa isa sa kanyang mga mag-aaral)

Sa Kanyang Pangalan, ang Luwalhati ay sa Kanya!

At walang bagay ang hindi lumuluwalhati sa kanya ng papuri.

Isinulat mo sa isa sa iyong mga liham sa akin na nais mong makibahagi sa aking mga nadarama rito, kaya pakinggan mo ngayon ang ikasanlibo sa kanila.

Isang gabi sa taas ng sandaang palapag na gusali sa aking bahay-puno sa ibabaw ng punong sedar, tinanaw ko ang kay-gandang pisngi ng mga kalangitang umaandap-andap sa mga bituin, at aking nakita sa sumpa ng Lubos na Pantas na Qur'an ang,

Kung kaya katotohanan, Ako ay sumusumpa sa mga planeta Na bumabalik, sumusulong, o nagkukubli*[1]

isang dinakilang liwanag ng kahima-himalaan at napakatalinong lihim ng elokuwensiya. Ang ayah na ito, na tumutukoy sa mga planeta at ang kanilang pagiging kubli at nakakalat sa paligid ay nagpapakita sa paningin ng tagamasid ng isang lubos na dinakilang pagbuburda ng sining at mataas at nakapagbibigay-aral na tapiserya. Ang mga planetang ito ay lumilitaw mula sa lawak ng araw, na kanilang puno, at humahalo roon sa mga pirmihang bituin ay nagpapamalas ng sariwang mga pagbuburda at mga halimbawa ng sining sa kalawakan. Kung minsan ay naglalapit sila sa isa't-isa kasama ang ibang bituing gaya nila at ipinapakita ang isang kay-gandang sitwasyon. At minsan ay humahalo sila sa maliliit na bituin at tumatayong puno. Lalo na sa ganitong panahon pagkaraan ng (unang bahagi ng) gabi, ang Venus sa guhit-tagpuan, at bago sumapit sa maagang pagbubukang-liwayway ang isa sa mga maningning na kasamahan nito, ay nagpapakita ng isang talagang maganda at kaibig-ibig na panoorin. Sa bandang huli, matapos nilang gampanan ang kanilang mga tungkulin bilang mga tagasiyasat at gumaganap bilang mga tagapagburda sa mga tapiserya ng sining, sila ay bumabalik, at habang pumapasok sa nakasisilaw na kalipunan ng araw ay ikinukubli ang kanilang mga sarili. Ngayon ay pinatotohanan nila nang kasing-liwanag ng araw ang kamahal-mahalan ng Kabanalan at ng maningning na kataas-taasang Dibino na Siyang Isang nagpapaikot sa ating daigdig na ito at ng mga planetang inilarawan sa nabanggit na ayah nang may ganap na kaayusan sa kalawakan, na ang bawat isa ay parang sa isang barko o eroplano. Nakita mo na ang dakilang pamamahala na iyan na nasa ilalim ng kapangyarihan nito ang mga barko o eroplanong ang laki ay

[1] **Qur'an, 81:15-16**

sanlibong beses mas higit pa sa globo ng daigdig, at naglalakbay nang mas matuling libong beses.

At kung kaya maihahambing mo anong dinakilang kaligayahan, anong malaking parangal ang maging kaugnay sa isang ganyang Monarka sa pamamagitan ng pagsamba at pananampalataya at ang maging Kanyang panauhin.

Pagkatapos ay tumingin ako sa buwan, at nakita ko ang isang pinakamaningning na liwanag ng kahima-himala na binaggit ng ayah:

At ang buwan, tinalagahan Namin ito ng mga palasyo hanggang sa ito ay muling maging tulad sa tuyong ilalim ng sangang datiles. [2]

Katotohanan, ang pagtatakda, pagpapaikot, pamamahala, at pagpapailaw sa buwan, at ang kalagayan nitong kaugnay sa daigdig at sa araw nang may lubusang tumpak na kalkula ay lubhang kamangha-mangha, lubhang kahanga-hanga na para sa Isang Lubos na Makapangyarihan na nag-uutos at nagtatakda nito ay walang anumang bagay ang magiging mahirap. Tinuturuan nito ang lahat ng nakamasid na may talinong mga nilalang, na inihahatid sa mga ito ang ideya, "Ang Sinumang nakalikha nito ay tiyak na magagawa ang lahat." At sinusundan nito ang araw sa paganyang ayos na kung saan ay hindi siya lumilihis sa kanyang landas kahit sa isang segundo, o mahuli ng isang katiting sa kanyang mga tungkulin. Napapasigaw nito ang mga yaong buong ingat na nakamasid: *Ang Luwalhati ay para sa Yaong ang Kanyang sining ay nakakapagpamangha sa isipan!"* Lalung-lalo na kapag tulad ng sa pagwawakas ng Mayo, nagiging kasabay nito minsan ang Pliyades sa hugis ng magandang gasuklay, sa dahilan na ipinapamalas nito ang hubog ng baluktot na puting sanga ng palmang datiles, at ang Pliyades ay nakikitang wari isang kumpol ng mga ubas, ay ipinagsusumamo nito sa hinagap ang eksistensiya ng isang pagkalaki-laking nagliliwanag na punung-kahoy sa likod ng tabing ng mga berdeng kalangitan. Na wari ba ang maytulis na dulo ng isa sa mga sanga ng punung-kahoy ay lumagos sa tabing at umusli ang dulo nito kasama ng kumpol nito ng mga ubas at naging Pliyades at ng buwang gasuklay, at ang iba pang mga bituin ay naging mga bunga ng nakakubling punung-kahoy na yaon. At kung kaya tingnan mo ang kahusayan at elokuwensiya ng metapora ng,

Tulad sa tuyong ilalim ng sangang datiles.

[2] **Qur'an, 36:39**

Pagkatapos ay sumagi sa akin ang talata na ito,

Siya ang Yaong gumawa sa mundong nagpapasailalim sa inyo, kung kaya bagtasin ninyo ang landas nito,[3]

na nagmumungkahi na ang daigdig ay isang barkong nagpapasailalim o sasakyang kabayo. Mula rito ay nakita ko ang aking sarili sa itaas ng isang pagkalaki-laking barkong matulin sa kalawakan. Binasa ko ang talata,

Ang luwalhati ay sa Kanya na Siyang nagpasailalim sa mga ito para sa atin, sapagkat kailanman ay hindi natin ito magagawa,[4]

na isang dasal na kinaugalian ng Propeta na babasahin kapag sasakay sa sasakyang tulad ng mga kabayo o mga barko.

At nakita ko na sa ganitong paggalaw ang globo ng daigdig ay tumatayong tila isang prodyektor na nagpapakita ng mga larawan nang tulad sa pelikula; pinagagalaw nito ang lahat ng kalangitan, at nagsimulang pakilusin ang lahat ng mga bituin nang tulad sa isang kahanga-hangang hukbo. Ipinapakita nito ang ganyang kay-ganda at dakilang mga panoorin na nagpapahilo at pumupuno ng pamamangha sa mga yaong nag-iisip. "Ang luwalhati ay sa Diyos!" ang naibulalas ko; anong pagkarami-rami, napakalawak, kataka-taka, kahanga-hanga, matataas at pinadakilang mga gawa ang ginagampanan sa pinakamunting gugulin. Mula rito ay dalawang malalim na puntong hinggil sa pananampalataya ay sumagi sa aking isipan:

ANG UNA: Mga ilang araw na ngayon ang tumalikod ay tinanong ako ng katanungan ng isang panauhin; ang batayan nito, na nagpamalas ng alinlangan, ay ganito: Ang Paraiso at Impiyerno ay lubhang magkalayo. Sa pamamagitan ng pagpapalang Dibino, ang mga tao sa Paraiso ay magdaraan sa muling-pagkabuhay nang parang kidlat o parang Buraq, at magsisipagpasok sa Paraiso. Ngunit ang mga tao sa Impyerno, papaano sila pupunta, sampu ng mabibigat nilang mga katawan at puno ng mabigat na mga pasanin ng kanilang mga kasalanan? Sa paanong paraan sila maglalakbay?

[3] **Qur'an, 67:15**
[4] **Qur'an, 43:13**

Ganito ang sumagi sa aking isipan: tulad halimbawa kung ang lahat ng bansa ay inanyayahan sa isang pangkalahatang kapulungan sa Amerika at ang bawat isa ay nakasakay sa malaking barko at patungo roon, ganun din naman ang globo ng daigdig, na tinatakbong isang taon sa kay-lapad na kalawakan ng santinakpan ang malayong distansiyang tatakbuhin ng dalawampu't limang libong taon, ay pasasakayin ang mga tao nito, tutungo sa daigdig ng muling-pagkabuhay, at ibababa sila. Bukod pa riyan, ang Impyerno sa kaibuturan ng daigdig, na ipinapabatid ng katotohanan na ang temperatura ng daigdig ay tumataas ng 1 sa bawat tatlumpu't tatlong metro, ay ibubuhos ang apoy nito na ang temperaturang 200,000 C ay tulad ng yaong inilarawan sa mga wikain ng Propeta at sang-ayon sa mga ito ay magpapatupad sa ilan sa mga alituntunin ng Matinding Impyerno sa mundong ito at sa panggitnang kalipunan, tungo sa Matinding Impyerno, pagkatapos ay babaguhing-anyo ang daigdig, sa pamamagitan ng mandong Dibino, sa mas mainam at walang-katapusang anyo, at magiging isa sa mga panirahang lugar sa kabilang-buhay.

ANG IKALAWANG PUNTO *na sumagi sa isip:* Kaugalian na ng Lubos na Makapangyarihang Lumikha, ang Lubusang Pantas na Manlilikha, ang Tanging Nag-iisa sa Kaisahan, na upang patotohanan ang kalubusan ng Kanyang kapangyarihan at ng kagandahan ng Kanyang karunungan at ng mga katibayan ng Kanyang Kaisahan, ay ang gumawa ng maraming gawa nang kaunti (lang ang gagamiting lakas) at ang magsagawa ng malalaking tungkulin sa pamamagitan ng mumunting bagay. Gaya ng nasabi ko sa ilan sa *Mga Salita,* kung ang lahat ng bagay ay ipalalagay na sanhi ng nag-iisang manlalalang, nagiging mas madali ang mga bagay. Samantalang kung ang mga bagay ay ipalalagay na sanhi ng maraming gumawa at mga dahilan, gaano man karaming hirap ang lilitaw ay ganun din kaimposible. Sapagkat ang isang tao na tulad ng isang opisyal o punong-tagapagtayo ng gusali ay napakadaling nakapagbibigay ng isang paggawa, isang pagkilos sa maraming sundalo o maraming bato sa isang sitwasyon, at natatamo ang isang resulta. Subalit kung, upang matamo ang ganyang sitwasyon at resulta, ipapasa ang mga ito sa mga sundalo ng hukbo o sa mga bato ng bobido, na walang tulong, makakamit lamang ito nang talagang may maraming paggawa, maraming hirap, at lubhang kaguluhan.

At ganun din, kung ang mga paggawa na tulad ng pag-ikot at mga pag-inog, ng pagpapalibot at mga pagligid, at ng mapagsiwalat na pagbubudbud ng pagluluwalhati at mga pagliliwaliw ng apat na klima at ng araw at gabi sa santinakpan ay nauukol sa kaisahan, sa pamamagitan ng

pagbubunsod sa isang globo ng isang mando ay makakamtan ng Isang Katauhan ang yaong mga dakilang kalagayan at mga pinatayog na resulta na tulad ng pagpapakita sa mga kamangha-mangha ng sining sa pagbabagu-bago ng mga klima, at ng mga kamangha-mangha ng karunungan sa pagpapalitan ng araw at gabi, at ng magagandang panoorin sa malinaw na galaw ng mga bituin, araw at buwan. Dahil ang hukbo ng lahat ng nilalang ay sa Kanya. Kung gugustuhin Niya, maaari Niyang italaga ang isang sundalo na tulad ng daigdig bilang kumander ng lahat ng mga bituin, gawing ilawan ang makapangyarihang araw na tagapagbigay ng init at liwanag para sa kanyang mga tao, at ang apat na klima, na mga lapida ng mga inskripsiyon ng Kanyang kapangyarihan, bilang mga sasakyan, at ang gabi at araw, na mga pahina para sa mga panulatan ng Kanyang Karunungan, ay magagawa Niyang mga busog (ng pana). Sa pamamagitan ng pagpapakita ng ibang hugis ng buwan sa bawat araw, ginagawa Niya ito na isang kalendaryo para sa pagkalkula ng panahon. At tulad ng pagbibigay Niya sa mga bituin ng anyo ng ginayakan, maringal, nagkikislapang mga parol sa mga kamay ng mga anghel na nangagsayawan sa lubos na kagalakan, ay ganun ding ipinakikilala Niya ang maraming halimbawa ng kanilang mga karunungan patungkol sa daigdig. Kung ang mga kalagayang ito ay hindi dinudulugan sa Isang Katauhan na ang Kanyang mando, utos, batas, at regulasyon ay itutuon sa lahat ng nilalang, ang lahat ng mga araw at bituin ay nangangailangang makatawid ng isang walang-hangganang layo sa bawat araw nang tunay na takbo at walang-hanggang tulin.

Sanhi ng walang-katapusang gaan na ito sa kaisahan at walang-katapusang hirap sa pagkakarami kung kaya ang mga negosyante at mga industriyalista ay mas pinili ang kaisahan kaysa pagkakarami at ganung nasiguro ang kadalian at ginhawa; nangangahulugan na, binuo nila ang mga kompanya.

Sa Maikling Sabi: Mayroong walang-hangganang kahirapan sa landas ng kawalang-patnubay, at walang-hangganang ginhawa sa landas ng patnubay at Kaisahan.

Ang Isang Pamalagian,
Siya ang Isang Pamalagian

Said Nursi

* * *